



# Pangangalaga sa mga Nangangailangan

## BUOD PARA SA 2024

ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw









# Welcome

3 Mensahe mula sa Unang Panguluhan
4 Ang Ating Tapat na Pangakong Mangalaga
5 Paglilingkod sa Isa sa Inyong Komunidad
6 Pangangalaga sa Kababaihan at mga Bata
8 Pagkilos ng mga Miyembro ng Simbahan
10 Mga Missionary na Naglilingkod sa Iba
12 JustServe

## MGA PANDAIGDIGANG INISYATIBO

16 Buod ng mga Pagsisikap
18 Emergency Relief
20 Malinis na Tubig at Sanitasyon
21 Edukasyon
22 Trabaho
24 Pangangasiwa sa Kapaligiran
25 Pangangalaga sa Kalusugan at Mobility
26 Pagpapakain sa Nagugutom
28 Suporta sa Pabahay
29 Kalusugan ng Pag-iisip
30 Pag-asa sa Sarili

## PANDAIGDIGANG TULONG

34 Africa
36 Asya
38 Australia, Pilipinas, at ang Pacific
39 Caribbean
40 Central America at South America
42 Europe
43 Middle East
44 North America

## SALAMAT PO

## RESOURCES

**Pabalat** (clockwise mula sa itaas): Dalawang babaeng magkayakap matapos ang pananalanta ng Hurricane Helene. Mga estudyante sa Honduras na kumakain sa oras ng recess. Larawang kuha ni Oscar Levia/Silverlight for Catholic Relief Services. Isang magsasaka na nagtatahip ng kanyang bigas sa Liberia. Isang babae sa Japan na kumukuha ng gulay mula sa kanyang hardin. Ipinapakita ng kababaihan kung paano gumagana ang isang bagong tap stand pagkatapos ng pagbubukas ng isang de-motor na pump sa Uganda. Larawan sa kagandahang-loob ng WaterAid. Babae sa Madagascar na nagpatingin sa doktor para masuri ang kalusugan.

# Mga Minamahal na Kaibigan,

Lubos kaming nagpapasalamat sa inyong bukas-palad na pagbibigay ng inyong oras at resources noong 2024. Noong nakaraang taon, ang mga miyembro at kaibigan ng Simbahan ay inanyayahan na hanapin at tulungan "ang isa," tulad ng itinuro ni Jesucristo sa Kanyang mga talinghaga at ipinakita sa pamamagitan ng Kanyang ministeryo sa lupa.

Talagang nakapagpapakumbaba ang inyong mga taos-pusong tugon. Sa iba't ibang panig ng mundo, ginawa ninyo ang paanyayang ito na tulungan ang isa at mahalin ang inyong kapwa. Nagpapasalamat kami sa inyong mga kontribusyon at natutuwa kaming ibahagi ang ulat tungkol sa ating pinagsama-samang pagsisikap sa taong ito. Ipinapakita ng buod na ito kung paano natin, nang sama-sama, pinangalagaan ang mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng mga inisyatibo tulad ng pagtugon sa mga emergency, pagpapakain sa mga nagugutom, at pangangalaga sa kapakanan ng kababaihan at mga bata. Ang mga pagsisikap na ito ay nagiging posible dahil sa inyong kagandahang-loob, isinasagawa sa pakikipagtulungan sa mga pinagkakatiwalaang organisasyon, at pinalalakas ng kabutihan ng mga tao sa lahat ng dako na nagsisikap na pagmalasakitan ang kanilang mga kapwa na nangangailangan.

Kapag patuloy nating pinangangalagaan ang mga anak ng Diyos, matutulungan natin sila na madama ang Kanyang banal na pagmamahal. Mahal ng Ama sa Langit ang bawat isa sa Kanyang mga anak at kinikilala ang mabuting gawain na ginagawa nila. Inaanyayahan namin kayo na patuloy na maglingkod at mahalin ang mga tao sa paligid ninyo. Nawa'y pagpalain kayo ng Diyos sa inyong mga pagsisikap.

## Ang Unang Panguluhan



Si Pangulong Russell M. Nelson at ang kanyang dalawang tagapayo, sina Pangulong Dallin H. Oaks at Pangulong Henry B. Eyring, na kinakausap ang Pangulo ng Navajo Nation na si Dr. Buu Nygren at Unang Ginang Jasmine Blackwater-Nygren.





Mga Relief Society sister sa Tonga na nagluluto ng pagkain para sa mga nangangailangan sa kanilang komunidad.

# Ang Ating Tapat na Pangakong Mangalaga

Sa panahon ng ministeryo ni Cristo sa lupa, ibinigay Niya sa atin ang una at pangalawang dakilang utos—ang ibigin ang Diyos at ang ating kapwa. Pagkatapos ay "naglibot siya na gumagawa ng mabuti" (Mga Gawa 10:38), na ipinapakita sa atin kung ano ang tunay na kahulugan ng pangangalaga sa mga nangangailangan. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagsisikap na tularan ang halimbawa ng pagmamahal at paglilingkod ng Tagapagligtas. Ang pormal na welfare program ng Simbahan, na ibinalita noong 1936, ay nilikha upang pangalagaan ang mga miyembrong nangangailangan at palakasin ang kanilang kakayahan na maging self-reliant. Noong 1984, inilunsad ng Simbahan ang tulong-pantao nito para magpaabot ng tulong sa milyun-milyong tao sa buong mundo.

Ngayon, ang Simbahan ay patuloy sa masigasig na pagsisikap nito na pangalagaan kapwa ang mga miyembro at iba pang mga nangangailangan sa pamamagitan ng mga welfare at self-reliance initiative, pandaigdigang mga gawaing pangkawanggawa, at boluntaryong paglilingkod.

"Maraming gawaing pangkapakanan at pagkakawanggawa sa ating kapwa-tao ang itinuturo at isinasagawa ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at natin bilang mga miyembro nito."

—DALLIN H. OAKS, UNANG TAGAPAYO SA UNANG PANGULUHAN[1]

## Mga Gawaing Pangkawanggawa

Sinusuportahan ng Simbahan ang libu-libong proyektong pangkawanggawa na tumutulong sa mga nangangailangan, anuman ang lahi, kasarian, nasyonalidad, o relihiyon.

## Mga Welfare at Self-Reliance Initiative

Ang mga welfare at self-reliance effort ay pinakikinabangan una sa lahat ng mga miyembro ng Simbahan at kabilang dito ang fast offering assistance, mga self-reliance group, suporta sa kalusugan ng pag-iisip at emosyon, mga serbisyo sa paghahanap ng trabaho, mga progrmang pang-edukasyon, at marami pang iba.

## Boluntaryong Paglilingkod

Ang boluntaryong paglilingkod ay pinakamahalagang bahagi ng ating mga pagsisikap sa pagkakawanggawa at welfare at self-reliance. Ito ay naging posible dahil sa katapatan ng mga miyembro, missionary, at mga kaibigan ng Simbahan. Kabilang sa mga boluntaryong pagsisikap na ito ang mga proyekto sa paglilingkod sa komunidad, paglilinis pagkatapos ng kalamidad, at service missionary work at mga welfare at self-reliance operation ng Simbahan.



Alamin ang Iba Pa

# Paglilingkod sa Isa sa Inyong Komunidad

Ipinagdiwang ni Pangulong Russell M. Nelson ang kanyang ika-100 kaarawan noong Setyembre 2024 nang may taos-pusong kahilingan sa ating lahat na tulungan at paglingkuran ang isang tao, tulad ng inilarawan ni Cristo sa talinghaga tungkol sa nawawalang tupa. Sa talinghagang ito, ang mapagmahal na pastol ay nagtungo sa ilang upang hanapin ang isang nawawala o nangangailangan—isang paalala kung gaano tayo kahalaga sa Tagapagligtas.

Sabik na tinanggap ng mga miyembro sa iba't ibang panig ng mundo ang paanyayang ito na paglingkuran ang isang tao sa kanilang komunidad—siya man ay isang kapamilya, kaibigan, o kapitbahay. Nagbigay ng tagubilin si Pangulong Nelson para sa pagsisikap na ito, sinasabing, "Sa mga darating na buwan mapanalangin kong inaanyayahan kayong pag-isipan: sino ang kilala ninyo na maaaring pinanghihinaan ng loob? Kanino kayo kailangang makipagkasundo o humingi ng tawad? May isang pangalan ba na nasa isip ninyo, na hindi ninyo alam kung bakit? Kapag iniharap ninyo ang mga tanong na ito sa Panginoon, bibigyan Niya kayo ng inspirasyon na malaman kung paano ninyo matutulungan at maiaangat ang isang taong nangangailangan ng tulong."



## Isipin ang mga sumusunod na ideya na gagabay sa iyo sa paglilingkod sa isang nangangailangan sa inyong komunidad.

- **Makipagkita sa isang kaibigan:** Tumulong sa isang tao na magagamit ang pagsama mo. Maghanap ng oras na makausap sila sa chat, sa oras ng tanghalian, o sa paglalakad.
- **Magluto ng pagkain:** Anyayahan ang isang tao na kumain kasama mo o magdala ng pagkain sa isang taong nangangailangan.
- **Magturo sa isang bata o tinedyer:** Anyayahan ang isang bata na magbasa ng aklat kasama mo, tulungan ang isang estudyante sa kanyang homework, o mag-aral kasama nila para sa isang pagsusulit.
- **Magbigay ng mga damit, pagkain, o iba pang mga bagay:** Magbigay ng mga kinakailangang item sa isang kaganapan sa pagtulong sa inyong lugar, sa bahay-kalinga, o charity.
- **Tulungan ang iyong pamilya:** Maghugas ng mga pinggan, tulungan ang kapatid na linisin ang kanilang silid, o yakapin ang isang kapamilya.
- **Makinig:** Maglaan ng oras na kausapin ang isang kapamilya, kaibigan, o kapitbahay at makinig lamang. Ang pakikinig ay nagpapahiwatig na nagmamalasakit ka at makapagbibigay ito ng mga ideya kung paano sila paglilingkuran.
- **Magpadala ng text o note:** Magpadala ng simpleng text sa isang tao o sumulat sa kanya ng maikling liham para malaman niya na may nagmamalasakit sa kanya.
- **Magpasalamat:**Mag-iwan ng maikling sulat ng pasasalamat para sa mga kaibigan, pamilya, o kahit sa mga tao na tumutulong sa iyo araw-araw, tulad ng iyong mail carrier.
- **Kausapin ang inyong lokal na pamunuan ng Simbahan:** Itanong sa inyong Relief Society o elders quorum president kung may nangangailangan ng pagmamahal at paglilingkod sa inyong komunidad.
- **Manalangin para mapatnubayan:** Hilingin sa Diyos na gabayan at bigyan ka ng inspirasyon sa iyong pagsisikap na pangalagaan ang mga taong nangangailangan.
- **Maghanap ng mga oportunidad sa paglilingkod sa JustServe.org:** Bisitahin ang justserve.org o i-download ang app upang maghanap ng mga proyekto ng serbisyo na malapit sa iyo.



Ang mga bata sa Pilipinas ay tumatanggap ng masustansyang pagkain sa isang paaralan na itinatag ng Rise and Rebuild Foundation.

# Pangangalaga sa Kababaihan at mga Bata

Noong 2024, inihayag ng Relief Society General Presidency ang pagpapalawak ng pandaigdigang inisyatibo upang mapabuti ang kalusugan at kagalingan ng kababaihan at mga bata, kapwa sa loob ng Simbahan at sa mas malawak na komunidad. Ang inisyatibong ito ay nakatuon sa nutrisyon ng bata, pangangalaga sa ina at bagong panganak na bata, pagbabakuna, at edukasyon.

Binigyang-diin ni Pangulong Camille N. Johnson, "Ang pandaigdigang pag-unlad ay nagsisimula sa pangangalaga sa mga bata at pagpapalakas sa kababaihan. Kapag pinagpala ninyo ang isang babae, pinagpapala rin ninyo ang kanyang pamilya, komunidad, at bansa. Kapag pinagpala ninyo ang isang bata, namumuhunan kayo sa hinaharap."

Ang mga miyembro ng Simbahan ay nag-aambag sa gawaing ito araw-araw sa pamamagitan ng pangangalaga sa kanilang pamilya at sa mga nakapaligid sa kanila. **Para sa mga ideya kung paano ka maaaring lumahok sa inisyatibong ito, i-scan ang QR code sa ibaba ng pahina**.

## Nutrisyon ng mga Bata

Humigit-kumulang 148 milyong bata sa buong mundo ang nakakaranas ng malubhang malnutrisyon. Ang mabuting nutrisyon para sa mga batang wala pang limang taong gulang ay mahalaga para sa tamang pag-unlad ng utak, malakas na immune system, at pangkalahatang kakayahan upang maabot ang kanilang buong potensyal.

Upang malabanan ang malnutrisyon sa mga bata sa loob ng Simbahan, ipinakilala ng Simbahan ang isang inisyatibo na nakatuon sa nutrisyon at kalusugan ng bata. Ang programang ito ay nag-uugnay sa mga batang wala pang 5 taong gulang at sa kanilang mga magulang sa resources na kinakailangan upang matukoy at matugunan ang malnutrisyon.

Sa buong mundo, pinopondohan at pinangangasiwaan ng Simbahan ang mga pagsisikap kasama ang mga nonprofit organization para mapahusay ang mga programang pangkalusugan at nutrisyon ng mga bata sa labas din ng Simbahan. Sa Pilipinas, ang Simbahan ay nagbigay ng donasyon sa Caritas Manila upang tumulong sa kanilang pagsisikap na magbigay ng mga suplementong pagkain, bitamina, at mga gamit sa kalinisan upang maiwasan, matukoy, at magamot ang malnutrisyon sa mga bata.

## Pangangalaga sa mga Ina at mga Bagong Panganak na Sanggol

Ang prenatal at postnatal care ay tumutulong na matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng mga ina at mga bagong panganak na sanggol. Mahalaga ang ginagampanan ng Simbahan sa paglalaan ng mga healthcare professional at klinika na may training at kagamitan na kinakailangan. Ang mga donasyon ng Simbahan sa Project HOPE ay nagdulot ng neonatal at maternal training at kagamitan sa Colombia at Venezuela, na nakabawas nang malaki sa pagkamatay ng mga ina. Bukod pa rito, ang Simbahan ay nagbigay ng donasyon sa pagtatayo ng bagong maternity center at neonatal ward na kumpleto sa kagamitan sa isang ospital sa Liberia kasunod ng pagkasira noon ng gusali at mga suplay dahil sa labanang sibil.

## Mga Pagbabakuna

Ang mga pagbabakuna ay mahalaga sa pagprotekta sa kababaihan at mga bata mula sa mga sakit na nag-aambag sa pagkamatay ng mga sanggol at ina. Upang matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng kababaihan at mga bata, nakikipagtulungan ang Simbahan sa mga organisasyon para makapaghatid ng mga bakuna sa mahihinang lugar. Sa Mali, ang Simbahan ay nagbigay ng donasyon sa UNICEF

upang magbigay ng neonatal tetanus vaccination para sa kababaihan, na matagumpay na nag-aalis ng sakit na banta sa buhay sa bansa.

## Edukasyon

Ang edukasyon na may kalidad ay nagdaragdag sa kakayahan ng isang indibiduwal na maging self-reliant. Dahil dito, ang Simbahan ay nakatuon sa pagkonekta sa mga bata sa mahahalagang resources sa edukasyon, miyembro man ng Simbahan o hindi. Ang Simbahan ay nagbigay ng pondo sa UNICEF para suportahan ang programang Learning for Life sa Democratic Republic of Congo, Kenya, Sudan, at Uganda. Ang programang ito ay nag-aalok ng mahusay na pagpapaunlad at mga serbisyong pang-edukasyon sa tinatayang 140,000 apektadong mga bata.

Ang pandaigdigang inisyatibong ito ay hindi lamang nag-uugnay sa mga bata sa edukasyon kundi nagbibigay din ng kakakayahan sa kababaihan na maging self-reliant, at nagpapatatag ng mga pamilya at komunidad. Sa Slovakia, ang Simbahan ay nagbigay ng donasyon sa isang lokal na organisasyon na nagsasanay sa kababaihan para makakuha ng trabaho bilang mga caregiver. Dagdag pa rito, ang mga babaeng ito ay binigyan ng mga kagamitan, mga aklat, at uniporme na kailangan para sa sertipikasyon at trabaho, na nagbigay-daan para matustusan nila ang kanilang pamilya.

> "Ang pagdaragdag ng mga serbisyong pangnutrisyon na mababa ang halaga ngunit epektibo at napatunayan na ay mahalaga sa pagbabago ng buhay ng mga ina at mga anak sa buong mundo. [Ang pakikipagtulungan namin sa Simbahan] ay tutulong sa mga komunidad na lumikha ng pangmatagalang pagbabago upang ang bawat bata ay magkaroon ng pagkakataong lumaki nang malusog."
>
> —SARAH BOUCHIE, CEO NG HELEN KELLER INTL[2]





**Kaliwa:** Bata sa Sierra Leone na binabakunahan. **Kanan:** Babae sa Madagascar na nagpapasuri sa doktor para sa kalusugan.





**Kaliwa:** Ang mga boluntaryo ay nagbalot ng mga pagkain para sa Hunger Fight sa 2024 BYU Women's Conference. **Kanan:** Isang miyembro ng Simbahan sa New Zealand ang nakikibahagi sa isang proyekto sa paglilingkod ng komunidad.

# Pagkilos ng mga Miyembro ng Simbahan

Tinutularan ng mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang halimbawa ng Tagapagligtas sa kanilang pagsisikap na maglingkod sa iba. Bilang bahagi ng ating pangakong mahalin ang Diyos at ang ating kapwa, aktibong pinangangalagaan ng mga miyembro ng Simbahan ang mga taong nangangailangan sa pamamagitan ng pagbibigay ng donasyon sa mga gawaing pangkawanggawa at paglilingkod sa iba sa kanilang komunidad.

## Mga Handog-Ayuno

Sinusunod ng mga miyembro ng Simbahan ang tagubilin ni Jesucristo na mag-ayuno nang madalas at "ibahagi ang [kanilang] kabuhayan sa mga maralita, bawat tao alinsunod sa kung ano ang mayroon siya" (Mosias 4:26). Ginagawa ito ng mga Banal sa mga Huling Araw sa pamamagitan ng pag-aayuno sa loob ng isang araw bawat buwan at ibinibigay nang bukas-palad ang halaga ng mga pagkaing hindi kinain para tulungan ang iba pang mga miyembrong nangangailangan. Ang mga donasyong ito ay kilala bilang "mga handog-ayuno." Bukod pa rito, ang mga miyembro ng Simbahan ay nagbabahagi ng kanilang oras, mga talento, at pagkahabag para sa kapakanan ng iba. Ginagamit ng mga lokal na lider ang mga kontribusyong ito para tulungan ang mga indibiduwal at pamilya na makahanap ng solusyon sa kanilang mga pangangailangan.

## Paglilingkod sa Isang Tao

Noong 2024, tinanggap ng mga Banal sa mga Huling Araw sa iba't ibang panig ng mundo ang panawagan ni Pangulong Nelson na "tulungan ang 'isang tao' sa ating buhay na maaaring nakadarama na nawala o nag-iisa siya." Sa pamamagitan ng napakaraming gawa ng kabutihan at paglilingkod, ipinalaganap ng mga miyembro ang pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak sa iba't ibang panig ng mundo.

> "Sa pamamagitan nito ay makikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pag-ibig sa isa't isa."
>
> —JUAN 13:35

Sa Layton, Utah, bumili ang isang young adult at ang kanyang ina ng malalaking halaman para sa kanilang hardin. Nang malubhang napilay ang paa ng kanyang anak, alam niya na hindi nila maitatanim ang mga ito nang sila lang. Kinausap ng mag-ina ang kanilang elders quorum president, na mabilis na nag-organisa ng isang grupo ng kalalakihan para tumulong sa pagtatanim sa kanilang hardin.

Sa Puebla, Mexico, nag-organisa ang mga miyembro ng isang workshop para sa La Margarita Addiction Rehabilitation Center, na nagbibigay ng suporta sa mga taong nasa landas tungo sa pagsasarili. Ang mga pagsisikap na ito ay nagbigay ng lakas sa mga tao na makabangon, ipinapakita sa kanila na karapat-dapat silang mabigyan ng pangalawang pagkakataon.

## Paglilingkod sa Kababaihan at mga Bata

Ang pangunahing layunin ng Relief Society (ang organisasyon ng kababaihan ng Simbahan) ay magbigay ng temporal



Alamin ang Iba Pa

at espirituwal na tulong sa mga indibiduwal at pamilyang nangangailangan. Ginagampanan ng kababaihan ng Relief Society sa iba't ibang panig ng mundo ang misyon na ito araw-araw.

Sa 2024 Women's Conference ng Brigham Young University sa Utah, lumahok ang kababaihan sa iba't ibang proyekto sa paglilingkod, mula sa pagbalot ng mga pagkain para sa Hunger Fight hanggang sa pagtahi ng mga teddy bear at kumot para sa mga batang nangangailangan.

Sa Colombia, ang mga miyembro ng Simbahan, kabilang ang mga boluntaryo ng Relief Society at mga kabataang babae, ay nangolekta ng mga laruan para sa mga bata sa mga ospital. Nag-ambag ang mga bata sa Primary sa pamamagitan ng pagdrowing ng mga larawan at pagsulat ng mga liham na isasama sa bawat donasyon.

## Paglilingkod ng mga Kabataan at Young Adult

Ang mga kabataan sa iba't ibang panig ng mundo ay lumahok sa Global Youth Service Day, mula ika-26 ng Abril hanggang ika-28 ng Abril. Sa Arkansas, mga 100 kabataan ang nagsama-sama upang pumulot ng mga basura sa paligid ng isang lawa sa kanilang lugar. Sa Canada, mahigit 200 boluntaryo mula sa Simbahan at komunidad ang nag-sign up sa pamamagitan ng JustServe para magbalot ng 90,000 pagkain para sa mga taong nangangailangan.

Ang mga kabataan at young adult ng Simbahan ay naglilingkod sa buong taon at kadalasang nangunguna sa mga proyektong pangserbisyo. Sa Southern Virginia University, ang mga young adult ay lumikha ng isang "service corner" sa campus para makalahok ang mga estudyante sa mga proyektong pangserbisyo at makaugnayan ang iba. Sa isang kumperensya sa Utah, daan-daang young adult ang nakibahagi sa iba't ibang aktibidad sa paglilingkod, tulad ng paglikha ng mga fleece blanket, pag-aayos ng mga mental health comfort kit, at pagbalot ng mga pagkain para sa mga batang nangangailangan.

## Paglilingkod sa mga Emergency

Tinupok ng mga wildfire sa Chile ang daan-daang komunidad at tahanan, na nag-iwan ng maraming residente na walang tirahan at mga pangangailangan sa buhay. Bilang tugon, ang mga miyembro sa iba't ibang stake ay namahagi ng bottled water at mga suplay at tumulong sa paglilinis matapos ang kalamidad.

Sa Pilipinas, nagboluntaryo ang mga miyembro na mag-ayos ng mga food pack, hygiene kit, inuming tubig, at gamit sa pagtulog para sa mga taong kailangang lumikas sa kanilang mga tahanan matapos ang pagsabog ng Bulkang Kanlaon.

"Napakaganda ng halimbawang ipinakita sa atin ng Tagapagligtas—na sa pamamagitan ng bawat isa sa atin na naglilingkod sa isang tao na abot-kamay natin, maipalalaganap natin ang pagmamahal ni Jesucristo sa buong mundo."

—RUSSELL M. NELSON, PANGULO NG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW[3]





**Itaas hanggang ibaba:** Ang kababaihan ng Relief Society sa Tonga ay nag-hahanda ng pagkain para sa mga nangangailangan sa kanilang ward. Ang mga miyembro ng Simbahan ay nagboluntaryong tumulong sa isang child nutrition screening sa Ghana.

# Mga Missionary na Naglilingkod sa Iba

## Mga Service Missionary

Libu-libong service missionary ang inilaan ang kanilang sarili sa pagtulong sa mga gawain ng welfare at self-reliance ng Simbahan, kabilang ang produksyon at pamamahagi ng pagkain at suporta sa mga naghahanap ng trabaho. Si Elder Romeril, isang missionary na tumutulong sa Employment Services, ay nagkokonekta sa mga indibiduwal sa employment resources sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tawag sa telepono sa lokal na tanggapan. Ibinahagi niya, "Natutuhan ko na kapag naglilingkod ka, maraming bagay kang magagawa, at palalakasin iyan ng Diyos."

## Emergency Relief

Mahalaga ang ginagampanan ng mga service at proselyting missionary sa pagtulong sa oras ng kalamidad. Matapos ang matinding bagyo na tumama sa Switzerland, 33 nakababatang mga missionary ang naglakbay patungong Valais, kung saan tatlong araw silang tumulong sa paglilinis. Napagnilayan ng isang missionary na nakibahagi sa gawain, "Ang makita kung paano napapabuti ng aming gawain ang buhay ng mga tao dito ay labis na nakakaantig . . . may nagawa kaming bagay na talagang makabuluhan sa pamamagitan ng sama-samang paggawa."

Noong Enero, isang magnitude 7.6 na lindol ang tumama sa rehiyon ng Hokuriku sa Japan, na puminsala sa libu-libong kabahayan. Bilang tugon, nagkaisa ang mga miyembro ng Simbahan at full-time missionary para maglinis, maghatid ng mga suplay, tumulong sa mga evacuation center at soup kitchen, at marami pang iba. Nakipag-ugnayan din ang mga service missionary sa lugar sa mga lokal na ahensya para malaman kung paano matutugunan ang mga pangangailangan ng komunidad.

## Paglilingkod sa Komunidad

Ang mga missionary ay hindi lamang naglilingkod sa oras ng emergency, sila ay nakikibahagi sa iba't ibang gawain ng komunidad sa iba't ibang panig ng mundo. Sa Axim, Ghana, nagbigay ang Simbahan ng mga kutson, pagkain, tubig, at kulambo sa mga pamilya sa Krisan Refugee Camp. Tinulungan ng mga missionary na naglilingkod sa lugar ang mga pamilya na ilipat ang mga donasyong ito sa kanilang tahanan, na nagdudulot ng kapanatagan at ginhawa sa mga pamilyang nawalan ng tirahan.

Noong Araw ng Pasko, ang mga missionary sa Albania ay gumawa ng mga kumot at mga holiday greeting card na gawa sa kamay para sa isang bahay-ampunan sa lugar. Sa Texas, lumahok ang mga missionary at miyembro ng Simbahan sa isang proyekto ng JustServe sa pamamagitan ng pag-aayos ng sahig sa The Food Basket Interfaith Food Bank, na pinagkakaisa ang komunidad sa pagkolekta at pamamahagi ng pagkain sa mga nangangailangan. Sa pamamagitan ng maliliit na gawaing ito ng paglilingkod, tinutulungan ng mga missionary ang mga tao sa iba't ibang panig ng mundo na madama ang pagmamahal ng Diyos at magkaroon ng temporal na kaginhawahan.

> "Sa pagbisita ko sa mga mission sa buong mundo, nakita ko ang kamangha-manghang paglilingkod ng ating hukbo ng mga senior missionary. Malinaw na sila ay masaya sa paggawa ng 'kalooban ng Panginoon' at sa pagiging abala sa 'gawain ng Panginoon.'"
>
> —RONALD A. RASBAND, KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL[4]



Ang mga missionary sa Japan ay naglilingkod sa lokal na bukid.



Isang employment services missionary ay tumutulong sa isang babae na maghanap ng trabaho sa Employment Center.



Isang sister missionary ay naglalagay muli ng mga suplay sa mga istante sa bishops' storehouse.

Bagama't maraming miyembro ng Simbahan ang naglilingkod sa komunidad, ang ilan ay naglalaan ng karagdagang oras at talento sa gawaing pangkawanggawa sa pamamagitan ng paglilingkod bilang mga missionary.

Maraming matatanda, mag-asawa, at young adult ang naglilingkod bilang part-time o full-time service missionary, nag-oorganisa at nakikibahagi sa mga proyekto ng komunidad para pangalagaan ang mga taong nangangailangan. Bukod pa rito, maaaring magpasiya ang mga mag-asawa na maglingkod bilang mga full-time welfare at self-reliance missionary na nangangasiwa ng mga proyektong pangkawanggawa sa kanilang lugar.

Ang mga nakababata pang full-time missionary ay regular ding nakikibahagi sa paglilingkod sa komunidad at tumutulong sa paglilinis pagkatapos ng mga kalamidad, kung kinakailangan.

Alamin ang Iba Pa

# JustServe

Ang JustServe ay isang samahan na nagtataguyod ng diwa ng paglilingkod, tumutugon sa mga lokal na pangangailangan, at naghihikayat ng pakikipagtulungan ng komunidad. Ang libreng resource na ito ay ikinukonekta ang mga indibiduwal, pamilya, at grupo sa makabuluhang mga pagkakataon sa paglilingkod at naglalaan ng isang platform sa mga organisasyon ng komunidad para mag-post ng mga proyekto at makahanap ng mga boluntaryo. Mula nang simulan ito noong 2012, pinadali ng JustServe ang mahigit 165,000 proyekto sa paglilingkod sa komunidad.

Ang mga boluntaryo sa lahat ng edad at karanasan sa buhay ay hinihikayat na sumali sa JustServe. Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga gawa ng kabutihan, ang mga nagbibigay ay nagpapadama ng pag-asa at nag-aambag sa kanilang mga komunidad at higit pa.

## Global Youth Service Day

Noong Global Youth Service Day, mahigit 240 kabataan mula sa Southern California ang lumahok sa isang aktibidad sa paglilingkod na inorganisa ng mga high school club ng JustServe. Ang mga boluntaryo ay kumakatawan sa mahigit sa 80 lokal na paaralan, na may ilang kalahok na naglakbay nang maraming oras para makasali. Ang mga proyekto sa panahon ng kaganapan ay napakinabangan ng mahigit 10 charity at kasama ang paggawa ng mga pulseras ng pagkakaibigan, paggantsilyo ng mga medyas at kumot, pagsulat ng mga liham sa mga beterano, pagdisenyo ng mga poster at puzzle, at paggawa ng "mga sunshine box" para sa mga bata sa mga ospital.

## Paglilingkod sa mga Batang Nangangailangan

Noong Mayo, nagtulungan ang mga kabataan sa Las Vegas na mag-assemble ng 91 bagong kama para sa Las Vegas Rescue Mission at muling inayos ang mga lumang kama para sa mga bata sa East Valley Family Services. Inasahan sa una ng mga coordinator ng proyekto ang pagkakaroon 100 kalahok, ngunit nagulat sila nang patuloy na nadagdagan ang bilang ng mga boluntaryo na nag-sign up sa pamamagitan ng JustServe. Ang proyekto, na suportado ng donasyon ng Simbahan, ay nagbigay ng kinakailangang resources para sa mga taong nangangailangan at nagbigay sa mga kabataan ng mahalagang pagkakataong makibahagi sa kanilang komunidad.

## Paglilingkod na Kasama ang Iba't Ibang Relihiyon

Noong Martin Luther King Jr. Day, hindi mabilang na mga boluntaryo mula sa iba't ibang relihiyon ang nagsama-sama upang maglingkod sa kanilang mga komunidad. Halimbawa, sa Indiana, ang mga tinedyer mula sa isang JustServe high school club na kumakatawan sa mga kongregasyong Kristiyano, Judio, at Muslim ay nag-organisa ng isang proyekto sa paglilingkod sa Wheeler Mission Center for Women and Children. Naghain sila ng tanghalian, naglinis, at nagkaroon ng mga bagong kaibigan.

Noong Abril, ang JustServe ay nangasiwa sa isang booth sa National Book Fair sa Argentina, kung saan 23,000 bagong boluntaryo ang nagparehistro para sa JustServe at natuto kung paano makahanap ng mga lokal na proyekto. Ang booth ay pinangasiwaan ng mga miyembro ng Simbahan at mga boluntaryo ng ibang mga relihiyon at nagresulta sa libu-libong school kit at maikling sulat ng panghihikayat na inihanda para sa mga batang nangangailangan.

> "Naniniwala tayo na ang paglilingkod kasama ng iba pa ay tumutulong sa pagkakaroon ng ugnayan ng mga grupo ng mga tao na maaaring hindi makisalamuha dahil sa mga pagkakaiba sa karanasan sa buhay o paniniwala, ngunit nagsasama-sama sa pamamagitan ng iisang alituntunin na pangalagaan ang isa't isa."
>
> —GÉRALD CAUSSÉ, PRESIDING BISHOP[5]

### Ano ang Magagawa Ko?

- ❍ Alamin ang mga pangangailangan ng mga lokal na nonprofit organization.
- ❍ Mag-post ng isang serbisyo sa JustServe para sa iyong komunidad.
- ❍ Paglingkuran ang iba sa JustServe.org!












**Clockwise mula sa itaas:** Mga kabataan sa California na nakikibahagi sa Global Youth Service Day sa pamamagitan ng paggawa ng mga lalagyan na pupunuin ng mga laruan at mga bagay na nagpapasaya para sa mga bata sa mga ospital. Mga boluntaryong nagpaparehistro para sa JustServe sa National Book Fair sa Argentina. Mga miyembro ng Simbahan na nag-a-assemble ng mga bagong kama para sa Las Vegas Rescue Mission. Isang grupo ng mga boluntaryo na naglilinis ng basura sa palibot ng ilog sa Utah.



# Mga Pandaigdigang Inisyatibo

**“Wala pang lider ang nakapagpakita ng higit na katapangan, wala pang pagkakawanggawa ang kinakitaan ng higit na kabutihan, wala pang manggagamot ang nakapagpagaling ng mas maraming sakit, at walang alagad ng sining na mas malikhain kaysa kay Jesucristo.”**

—W. CHRISTOPHER WADDELL,
UNANG TAGAPAYO SA PRESIDING BISHOPRIC[6]

I-scan ang code upang marami pang malaman.

# Buod ng mga Pagsisikap noong 2024

**3,836**
Mga Proyektong Pangkawanggawa noong 2024

**1.45B**
ang Nagastos

**6.6M**
Dami ng Oras na Ibinoluntaryo

**192**
Mga Bansa at Teritoryong Pinaglingkuran

## Kabilang sa mga pinagkagastusan:

- Tulong na Ibinigay sa Lahat
  - Mga pandaigdigang proyektong pangkawanggawa
  - Mga donasyong pagkain at iba pang mga kalakal
- Tulong na Pangunahing Ibinigay sa mga Miyembro ng Simbahan
  - Tulong na ibinigay mula sa handog-ayuno o fast-offering assistance
  - Mga Bishops' order para sa mga kalakal
  - Mga serbisyo mula sa mga welfare at self-reliance operation

## Kabilang sa mga oras ng paglilingkod:

- Pagboboluntaryo sa mga welfare and self-reliance facility ng Simbahan (mga bishops' storehouse, cannery, sakahan, orchard, employment center, atbp.)
- Mga misyon na pangalagaan ang mga nangangailangan sa maraming bansa
- Mga proyekto sa paglilingkod sa komunidad na itinataguyod ng Simbahan, kabilang ang paglilinis pagkatapos ng mga kalamidad.



Isang mag-asawa sa Japan na pinangangalagaan ang isang hardin para sa kanilang komunidad.

> "Ang mga numerong [ito], mangyari pa, ay isang di-kumpletong ulat ng ating pagbibigay at pagtulong. Hindi kabilang doon ang personal na paglilingkod na indibiduwal na ibinibigay ng ating mga miyembro habang naglilingkod sila sa isa't isa sa ibinigay na mga katungkulan nila at sa boluntaryong paglilingkod nang miyembro-sa-miyembro. At hindi binabanggit sa aming [buod] kung ano ang indibiduwal na ginagawa ng ating mga miyembro sa pamamagitan ng napakaraming organisasyong pangkawanggawa na walang pormal na kaugnayan sa ating Simbahan."
>
> —PANGULONG DALLIN H. OAKS,
> UNANG TAGAPAYO SA UNANG PANGULUHAN[7]

# 2024 sa Isang Sulyap

## PANGANGALAGA SA MGA NANGANGAILANGAN

**PAGLILINGKOD NG MGA MIYEMBRO AT MISSIONARY**

**8,097,952**
Mga miyembro ng Relief Society sa buong mundo

**12,277**
Mga welfare and self-reliance missionary

## JUSTSERVE

**PLATFORM NG PAGLILINGKOD SA KOMUNIDAD**

**134,143**
Mga bagong JustServe user na nagrehistro

**30,236**
Mga bagong JustServe project na nalikha

## PANDAIGDIGANG TULONG

**MGA INISYATIBO SA PAGKAKAWANGGAWA SA BUONG MUNDO**

**267**
Malinis na tubig, hygiene, at mga proyekto sa sanitasyon

**710**
Mga emergency relief project

**732**
Mga proyekto sa pangangalaga sa kalusugan

**71**
Mga mobility project

**591**
Mga food security project

## PAGKAKAROON NG PAG-ASA SA SARILI O SELF-RELIANCE

**MGA PROGRAMA AT SERBISYO**

**579**
Mga proyekto sa edukasyon

**10,809**
Napaglingkurang mga kasamahan sa Deseret Industries

**2,503**
Mga miting sa addiction recovery bawat linggo

**128,028**
Mga kalahok sa grupo ng self-reliance




Mga missionary na tumutulong sa pagbaba ng mga emergency supply mula sa eroplano matapos ang matinding pagbaha sa Rio Grande do Sul, Brazil. Larawan sa kagandahang-loob ng Divulgação Azul.

# Emergency Relief

Ang mga pandaigdigang emergency tulad ng mga kalamidad o labanang sibil ay nagdudulot ng maraming hamon, kabilang ang mga pangangailangan sa tirahan, pagkain at tubig, paglilinis pagkatapos ng kalamidad, at emosyonal na suporta. Sa panahon ng krisis, layunin ng Simbahan na maghikayat ng pag-asa at katatagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pisikal na tulong at sikolohikal na suporta sa sinumang nangangailangan.

## Psychological First Aid

Ang psychological first aid ay tumutulong sa mga indibiduwal at komunidad na nasa krisis na malaman kung paano makayanan ang nadaramang pagkabalisa. Sa pamamagitan ng organisasyon nito sa Family Services, nag-alok ang Simbahan ng on-site psychological aid sa maraming miyembrong naapektuhan ng krisis. Sa Pacific Islands, ang mga kawani ng Family Services ay nag-coordinate ng resources tungkol sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga indibiduwal na nakakaranas ng kaguluhan sa pulitika. Ang mga pagsisikap na ito ay nakatulong sa maraming miyembro ng Simbahan na makayanan ang nadaramang pagkabalisa at magbigay ng suporta sa iba.

Nagbigay din ang Simbahan ng on-site emotional aid sa mga miyembrong naapektuhan ng mga kalamidad noong 2024, kabilang na ang matinding pagbaha sa Porto Alegre, Brazil; nakamamatay na mga wildfire sa Chile; at ang nagngangalit na California Park Fire. Ang psychological aid na ito ay nagpatatag sa mga apektadong indibiduwal sa pamamagitan ng pagbawas sa unang pagkabalisa at pagtataguyod ng mga kasanayan para makayanan ito.

Inihahanda rin ng mga kawani ng Family Services ang mga lugar bago tumama ang krisis. Maaaring tulungan ng mga lokal na lider ng Simbahan ang kanilang mga Family Services consultant na mag-organisa ng training para sa emosyonal na kahandaan sa kanilang mga ward at stake. Halimbawa, ang mga empleyado ng Family Services na sina Teresa at Sonia ay nagbigay ng training sa mga kabataan sa Cape Verde tungkol sa mga alituntunin ng psychological first aid, katatagan, at emosyonal na kahandaan, na inihahanda sila para sa mga emergency.

Bukod pa rito, ang Simbahan ay madalas na makipagtulungan sa iba't ibang organisasyon upang magbigay ng emosyonal na suporta sa sinumang may krisis. Sa Honduras, sinuportahan ng Simbahan ang Project HOPE sa kanilang pagsisikap na magbigay ng emotional first aid sa mga indibiduwal na nawalan ng tirahan. Ang pakikipagtulungang ito ay umabot sa maraming nangangailangan, na nagbigay sa kanila ng suporta na puno ng pagkahabag sa mahihirap na panahon.

## Pisikal na Tulong

Sa mga emergency na sitwasyon, ang Simbahan at ang mga miyembro nito ay nakikibahagi sa pagbibigay ng pisikal na tulong para sa mga nangangailangan, anuman ang kanilang relihiyon. Sa Lebanon, sinuportahan ng Simbahan ang mga pamilyang nawalan ng tirahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mahigit 10,000 kinakailangang item, kabilang na ang mga food parcel, hygiene kit, at handheld solar light. Sa Romania, nahirapan ang mga pinatirang Ukrainian sa paghahanap ng mga trabaho dahil sa mga hadlang sa wika at walang makuhang mag-aalaga sa anak. Nagbigay ang Simbahan ng pagkain at hygiene kit at mainit na pagkain sa Asociatia La Rascruce, na ipinamahagi ng organisasyon sa mga nangangailangan na Ukrainian, at nagpatupad pa ng sistema para maihatid ang mainit na pagkain sa mas matatandang adult na nasa bahay.



Alamin ang Iba Pa





**Kaliwa:** Isang babae sa Syria na nagluluto ng pagkain sa labas ng kanyang pansamantalang tirahan. Larawan sa kagandahang-loob ng ShelterBox.
**Kanan:** Dalawang babaeng magkayakap matapos ang pananalanta ng Hurricane Helene.

Sa Chile, nagtulungan ang Simbahan at ang iba't ibang organisasyon para tulungan ang mga taong apektado ng mapaminsalang sunog sa kagubatan. Itinayo ang mga pansamantalang lugar para sa pag-aaral at pamamahagi ng pagkain sa mga apektadong lugar. Ang mga miyembro ng Simbahan sa Viña del Mar, Quilpué, at Valparaíso ay nagboluntaryong mamahagi ng mga suplay at tumulong sa mga operasyon sa paglilinis. Malaki rin ang donasyon ng Simbahan para suportahan ang mga apektadong pamilya.

## Ano ang Magagawa Ko?

- Maging certified volunteer sa pamamagitan ng isang organisasyon na tumutulong sa mga sitwasyon sa pagtugon sa emergency.
- Maghanda para sa maaaring mangyaring krisis sa pamamagitan ng paggawa ng sarili mong personal na plano sa emergency.
- I-download ang mga emotional care card sa website ng Simbahan para makatulong sa paggabay sa iyo sa mahihirap na panahon.

> "Hangad nating maglingkod sa ating kapwa—malapit at malayo man—upang gawing mas mabuting lugar ang mundo para sa lahat."
>
> —GÉRALD CAUSSÉ, PRESIDING BISHOP[8]

## Magkasamang Paglilingkod sa Pilipinas

Ilang kalamidad ang naganap sa Pilipinas noong 2024, kabilang ang isang napakalas na bagyo, pagsabog ng bulkan, sunog, at ang tagtuyot na epekto ng El Niño. Ang Simbahan at ang mga serbisyo ng pamahalaan sa pagtugon sa emergency ay nagbigay ng relief goods, at ang mga lokal na miyembro ay nagbigay ng kanilang oras, pagsisikap, at pagmamahal upang matiyak na ang relief goods na ito ay mabalot at maipamahagi.

Ibinahagi ni Cebu City Acting Mayor Raymond Alvin Garcia ang kanyang pasasalamat sa tulong ng Simbahan: "Narito ang pamahalaang lungsod upang tumulong at maglingkod sa mga nasasakupan nito, ngunit alam namin na hindi namin kayang tulungan ang lahat. Kaya ngayon, makikita natin kung paano tayo tinutulungan ng ating mga partner, ang pribadong sektor, at ang Simbahan na gawin ang bahaging ito ng ating trabaho. Dahil sa mga institusyong tulad ng sa inyo, mas napapadali nito ang aming trabaho, kaya maraming salamat po sa inyong donasyon sa aming mga nasasakupan, lalo na sa mga barangay sa bundok."

# Malinis na Tubig at Sanitasyon

Ang access sa malinis na tubig, sanitasyon, at hygiene (WASH) ay mahalaga sa pagkakaroon ng malusog na mga komunidad. Kapwa kailangan ng mga komunidad ang mga kinakailangang kagamitan at edukasyon upang mapabuti ang pangkalahatang mga sistema ng sanitasyon at mabawasan ang pagkalat ng sakit. Ang mga pagsisikap ng Simbahan sa paglalaan ng malinis na tubig at sanitasyon ay nilayon para sa kapakinabangan ng lahat, anuman ang kanilang relihiyon.

## Mga Inisyatibo ng WASH

Noong 2024, sinuportahan ng Simbahan ang mga pagsisikap ng UNICEF na ipatupad ang WASH programming sa mahigit isang dosenang bansa sa buong South America, Africa, at Pacific. Sa Uganda, sinuportahan ng Simbahan ang mga pagsisikap ng WaterAid na maglaan ng ligtas na inuming tubig at mga pasilidad sa sanitasyon sa mga komunidad na nangangailangan. Matagumpay nilang na-install ang walong piped water system, na kilala rin bilang mga borehole, na pakikinabangan ng mahigit 2,500 katao. Kasama ng mga bagong water system, ipinatupad nila ang mga tagubilin sa hygiene at sanitasyon sa bawat bagong tap stand. Upang matiyak ang pangmatagalang pangangalaga, sinanay nila ang mga lokal sa pagpapatakbo at pagpapanatili ng suplay ng tubig at tinuruan ng mga paraan sa pagkukumpuni.



Isang batang babae na naghuhugas ng mga kamay gamit ang malinis na tubig sa Ecuador. Larawan sa kagandahang-loob ng UNICEF Ecuador.

## Ano ang Magagawa Ko?

- Alamin pa ang tungkol sa mga inisyatibong patubig, sanitasyon, at hygiene sa iyong komunidad.
- Turuan ang isang bata kung paano maghugas ng kamay.
- Simulan ang pag-iimbak ng tubig upang matiyak na may ekstra kang malinis na tubig sa oras ng pangangailangan.

## Pagtutulungan sa Gawain ng Komunidad para sa Malinis na Tubig

Sa Kosovo, kinailangang kumuha ng tubig ang siyam na malalaking pamilya mula sa nayon ng Carraleva mula sa mga posibleng hindi ligtas na mapagkukunan ng tubig matapos matuyo ang balon sa komunidad. Nakipagtulungan ang Simbahan sa mga lokal para makapagtayo ng tangke ng imbakan ng tubig, na tinitiyak na makakakuha ng malinis na tubig ang lahat ng taganayon.

Ang mga water system sa Balkans ay madalas na luma na o wala nito sa maraming lugar. Sa panahon ng mga buwan ng taglamig, ang mga kinakailangang daloy ng kuryente para sa pag-init ay madalas na hindi kaya ng power grid. Upang matugunan ang hamong ito, nagbigay ang Simbahan ng backup generator sa lokal na komunidad sa bayan ng Hani i Elezit para may magamit na backup generator. Ang paggawa nito ay tumiyak sa patuloy na suplay ng tubig para sa mga residente sa panahon ng taglamig.

## Pagpapatupad ng mga Ligtas na Pamamaraan sa Sanitasyon

**"Tinanong ko, 'Ano ang kulang sa atin dito sa Casca'" paggunita ni Alexandra. Ang unang pangangailangan na naisip niya ay ang mga banyo.**

**Si Alexandra ay nakatira sa Cascas, Peru, kung saan alam niyang hindi bababa sa 20 porsiyento ng mga pamilya ang kulang sa ligtas na serbisyo sa sanitasyon. Kung walang ligtas na sanitasyon, ang komunidad ay mas nanganganib na magkaroon ng mga sakit na dala ng tubig tulad ng kolera. Upang matugunan ito, sumali si Alexandra sa isang sanitation business training na pinangasiwaan ng lokal na Water for People team sa Peru.**

**Sinimulan ni Alexandra ang kanyang negosyo at inimbakan ang kanyang maliit na tindahan ng maraming paninda hangga't kaya niya—mga lababo, gripo, inodoro, tiles, at iba pang mga materyales na kailangan ng mga pamilya para makumpleto ang kanilang banyo. Ngayon, ang mga pamilya sa Cascas ay maaaring makahanap ng tulong sa tindahan ni Alexandra, kung saan maaari nilang bilhin ang mga materyales na kinakailangan para magtayo ng mga banyo sa bahay.**



Alamin ang Iba Pa

# Edukasyon

Ang pagkakaroon ng access sa edukasyon ay kadalasang may mahalagang papel sa pagpapabuti ng self-reliance. Hangad ng Simbahan na matugunan ang mga pangangailangan sa edukasyon ng mga miyembro at kaibigan sa iba't ibang panig ng mundo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga resource at tulong na nagbibigay-kakayahan sa mga indibiduwal na maabot ang kanilang buong potensyal.

## Resources para sa mga Miyembro ng Simbahan

Ang programang **Perpetual Education Fund (PEF)** ay nagbibigay ng suportang pinansyal para sa mga kwalipikadong miyembro ng Simbahan, na tumutulong sa kanila na makapag-aral na humahantong sa mas magandang trabaho at pagiging mas self-reliant. Inaprubahan kamakailan ng Unang Panguluhan ng Simbahan ang mga pagbabago sa programa, na nagpapahintulot sa mas maraming indibiduwal na makinabang sa pondo ng PEF. Kabilang sa mga pagbabagong ito ang mga diskwento sa pautang o loan, mas mahabang termino sa loan, scholarship, at pinalawak na mga pagpipilian. Depende sa sitwasyon, magagamit din ng mga recipient ang pondo ng PEF para sa karagdagang gastusin na may kaugnayan sa edukasyon, tulad ng pabahay, kagamitan, at transportasyon.

Nagbibigay din ang Simbahan ng iba pang resources na pang-edukasyon para sa mga miyembro nito, kabilang ang:

- **BYU–Pathway Worldwide,** na tumutulong sa mga miyembro na ma-access ang abot-kayang mas mataas na edukasyon online.
- **Benson Scholarships,** na sumusuporta sa mga miyembrong naghahangad na makakuha ng post secondary education sa nutrisyon at mga larangang may kaugnayan sa agrikultura.
- **EnglishConnect,** na nag-aalok ng libreng pagtuturo ng Ingles sa sinumang interesado, kabilang ang mga taong hindi miyembro ng Simbahan.
- **Succeed in School,** na tumutulong sa mga kabataan na magkaroon ng mga kasanayan na nagpapabuti sa kanilang pag-aaral.

## Resources na Ibinibigay sa Lahat

Sinusuportahan din ng Simbahan ang mga pangangailangan sa edukasyon sa iba't ibang panig ng mundo sa pamamagitan ng pagpopondo sa mga renobasyon at pagsasanay sa mga guro at pagbibigay ng mga kagamitan tulad ng mesa, upuan, internet access, at mga textbook. Kabilang sa napakaraming iba pang mga proyekto sa edukasyon, nakumpleto ng Simbahan ang isang malaking renobasyon para sa Zapai Public School sa Liberia, kasama dito ang renobasyon ng mga banyo, paglalagay ng mga kable ng kuryente, at paghahatid ng 300 bagong upuan. Ang renobasyon na ito ay magpapataas sa kapasidad ng paaralan.



Isang batang babae sa Japan na natututong magbilang.

## Pagkamit ng mga Pangarap sa pamamagitan ng PEF

**Nang bumalik si Princess mula sa kanyang service mission, agad siyang nagtuon sa pangarap niyang maging licensed accountant. Ang mga gastos sa pag-aaral sa mas mataas na edukasyon ay malaki—ngunit salamat sa Perpetual Education Fund, ang dalagang ito mula sa Catanduanes, Pilipinas, ay nakatanggap ng kinakailangang suportang pinansyal upang patuloy na makamit ang kanyang mithiin. Huling taon na ngayon ni Princess sa accountancy school.**

**"[Ang PEF] ay naging tulay upang matupad ko ang pangarap kong maging CPA at masunod ang payo ni Pangulong Russell M. Nelson na ipagpatuloy ang aking pag-aaral sa abot ng aking makakaya," sabi ni Princess. "Nagkaroon ako ng patotoo na laging naaalala ng Panginoon ang ating mabubuting hangarin."**

### Ano ang Magagawa Ko?

- ❍ Tulungan ang isang tao sa kanilang homework.
- ❍ Magboluntaryo sa isang silid-aralan.
- ❍ Sabihin sa pamilya at mga kaibigan ang resources sa edukasyon na magagamit nila.





**Kaliwa:** Isang operations supervisor na nagsasanay sa mga kasamahan sa Deseret Industries sa sales floor. **Kanan:** Isang lalaki na nakatanggap ng tulong sa paghahanap ng trabaho sa isang Employment Center.

# Trabaho

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay tumutulong sa mga indibiduwal sa pamamagitan ng paglalaan ng resources na nagtataguyod ng self-reliance. Kabilang dito ang mga serbisyo at resources upang matulungan ang mga tao na makahanap at maging kwalipikado para sa mga pagkakataong makapagtrabaho.

## Employment Services

Ang Employment Services ay isang resource na magagamit ng sinumang tao na walang trabaho, naghahanap ng mas magandang trabaho, o muling pagpasok sa trabaho. Ang mga employment missionary ay nag-aalok ng iba't ibang uri ng suporta:

- Tulong sa paggawa ng résumé
- Paghahanda sa interbyu
- Mga impormasyon tungkol sa trabahong papasukan
- Mga contact sa networking

Ang Employment Services ay nagpapatakbo ng mga employment center kung saan ang mga miyembro ng Simbahan at iba pa ay maaaring maka-access sa resources at makatanggap ng personal na tulong. Maaari ding bisitahin ng mga naghahanap ng trabaho ang website ng Employment Services, employment.ChurchofJesusChrist.org, upang ma-access ang mga virtual na serbisyo tulad ng mga online na grupo at workshop, remote coaching, at isang online job board.

Noong unang bahagi ng 2024, ang Employment Services ay lumawak sa iba't ibang bansa, na nagbigay-daan sa mga indibidwal sa buong mundo na ma-access ang suporta sa trabaho at resources.

## Deseret Industries

Ang Deseret Industries (DI) ay isang thrift store na pangunahing nagsisilbi bilang pasilidad sa pagsasanay sa trabaho para sa mga miyembro ng Simbahan at iba pa na nakakaranas ng balakid sa paghahanap ng trabaho. Ang mga indibiduwal ay tumatanggap ng pagsasanay sa trabaho at sertipikasyon sa pamamagitan ng programang Ready for Work ng DI, na tumutulong sa mga associate na makamit ang kanilang mga mithiin sa trabaho. Bukod pa sa pagtuturo ng mga praktikal na kasanayan sa trabaho, ang programang Ready for Work ay nakatuon sa mga kasanayan sa pag-uugali na mahalaga para sa tagumpay sa pinagtatrabahuhan.

Ang mga Deseret Industries associate ay sinasanay at tinuturuan ng mga full-time na empleyado, kabilang ang mga operational supervisor at development counselor. Noong 2024, ang mga operational supervisor mula sa lahat ng 46 na lokasyon ng DI ay lumahok sa mga pagsasanay na naglalayong mas maihanda sila para masuportahan ang mga kasamahan na tinuturuan nila. Saklaw ng mga sesyong ito ang mga paksang tulad ng pagpapahusay ng karera at pamumuno, mga pamantayan sa pagproseso, serbisyo sa customer, at human resources.

## Development Counseling Services

Ang mga development counselor ay mga propesyonal na tumutulong sa mga DI associates at sinumang ni-refer ng isang lider ng Simbahan para matulungan sa pagtatakda ng mithiin at pagpaplano ng karera. Sinusuri nila ang pangkalahatang kagalingan at pangangailangan ng isang indibiduwal, nagpapayo, at nag-aalok ng vocational assessment at suporta sa edukasyon.



Alamin ang Iba Pa

Ang Development Counseling Services (DCS) ay nakikipagtulungan sa iba pang resources ng Simbahan—kabilang na ang Family Services, Deseret Industries, at Employment Services—upang tulungan ang mga tao na mapagtagumpayan ang mga balakid sa trabaho. Ang mga DI associates ay nakikipag-ugnayan sa mga DCS counselor bilang bahagi ng programang Ready for Work upang matutuhan ang mahahalagang pag-uugali sa pinagtatrabahuhan. Ang mga development counselor ay nakikipagtulungan din nang husto sa Family Services at Employment Services, ipinasasangguni ang mga indibiduwal sa resources na ito para sa suporta sa kalusugan ng pag-iisip o tulong sa paghahanap ng trabaho.

## Transitional Services

Ang Simbahan ay may siyam na opisina ng Transitional Services sa buong US. Ang Transitional Services ay magagamit ng sinumang nangangailangan ng tulong na makabalik sa kanilang komunidad—kabilang ang mga taong nakalabas na sa mga correctional facility; mga babaeng nailigtas mula sa trafficking, mga beterano, at mga indibiduwal na nakaranas ng kawalan ng tirahan.

Ang Transitional Services ay pangunahing nakatuon sa pagtulong sa mga indibiduwal na maging self-reliant sa pamamagitan ng pagkonekta sa kanila sa komunidad at resources ng Simbahan, kabilang ang serbisyo sa paghahanap ng trabaho at kalusugan ng pag-iisip.

## Humanitarian Center

Ang Humanitarian Center ng Simbahan ay nagre-recycle at nagpoproseso ng labis na donasyon mula sa mga tindahan ng Deseret Industries para sa tulong-pantao. Tulad ng DI, ang sentro ay nagsisilbing isang lugar ng pagsasanay upang matulungan ang mga indibiduwal na makakuha ng mga kasanayan sa pagtatrabaho. Maraming associate ang nagmula sa iba't ibang bansa at relihiyon at hindi marunong magsalita ng Ingles. Ang mga associate ay may pagkakataong matuto ng Ingles bilang bahagi ng kanilang trabaho sa araw-araw.

> "Dati inakala ko na ang pinakamagandang paraan para mahalin ang isang tao ay ang tulungan siya. Pero habang iniisip ko ito, sa tingin ko ang talagang pinakamainam na paraan para matulungan ang isang tao ay mahalin siya."
>
> —L. TODD BUDGE, PANGALAWANG TAGAPAYO SA PRESIDING BISHOPRIC[9]

## Paghahanap ng Pangarap na Trabaho ni Dee

**Gusto ni Dee na magtrabahong muli matapos maglaan ng panahon na palakihin ang isang pamilya sa loob ng 14 na taon ngunit hindi siya sigurado kung ano ang gusto niyang gawin. Tatlong iba't ibang trabaho ang sinubukan niya bago siya itinuro ng kanyang bishop sa Development Counseling Services.**

**Regular na nakipagkita si Dee sa isang development counselor, kumukuha ng mga assessment at personality test para maunawaan kung anong trabaho ang pinakaangkop sa kanya. Matapos siyang mag-ukol ng ilang panahon sa paghahanap, hinikayat siya ng kanyang development counselor na mag-apply para sa administrative clerk position sa Deseret Industries na pinagtatrabahuhan niya. Kaagad na natanto ni Dee na ang posisyon ay akma sa kanyang personalidad at interes, at natanggap siya sa trabaho. "Lagi kong sinasabi sa sarili ko na hindi ako kabilang sa kahit saan, pero hindi pala!" sabi ni Dee. "Napakasaya ko na narito ako, at lubos akong nagpapasalamat sa aking development counselor."**

### Ano ang Magagawa Ko?

- ❍ Magbigay ng mga item sa iyong lokal na Deseret Industries o katulad na thrift store na nagbibigay ng training sa trabaho.
- ❍ Repasuhin ang résumé ng isang kaibigan o kapamilya.
- ❍ Alamin pa ang tungkol sa employment resources ng Simbahan at hikayatin ang iba na gamitin ang mga ito.

# Pangangalaga sa Kapaligiran

Patuloy na pinabibilis ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang pagsisikap na pangalagaan hindi lamang ang mga taong nangangailangan kundi pati na rin ang mundo. Ang kapakanan ng bawat tao at ng komunidad ay halos konektado sa isang malusog na likas na kapaligiran, na ginagawang mahalagang bahagi ng misyon ng Simbahan ang pagpapanatili ng kapaligiran.

Noong 2024, pinalawak ng Simbahan ang Sustainability Office nito, na nagko-coordinate ng mga pandaigdigang inisyatibo sa anim na mahahalagang prayoridad: pagtataguyod ng renewable energy at energy efficiency, pagtitipid ng tubig, pag-iwas sa materyal na basura, pagbawas sa mga usok na ibinubuga ng mga sasakyan, pagdidisenyo at pagtatayo ng matitibay na gusali, at pagkakaroon ng agrikultura at pagrarantso na maaasahan.



Isang meetinghouse ng Simbahan sa Peten-Playa del Carmen, Mexico, ang gumagamit ng solar panel para magamit ang liwanag ng araw.

## Gawaing Pangkawanggawa

Ang pagpapanatili ng kapaligiran ay bahagi ng maraming proyektong pangkawanggawa ng Simbahan. Ang seguridad sa pagkain, pagkakaroon ng sariling enerhiya, at malinis na tubig ay pawang nakadepende nang husto sa pag-angkop sa klima at katatagan.

Halimbawa, sa Sudan, ang Simbahan ay nagbigay ng donasyon sa ADRA para makapag-install ng mga solar-powered pump at sanayin ang mga lokal na miyembro ng water committee sa tamang pagmementena at pamamahala. Samantala, sa Kurdistan, sinuportahan ng Simbahan ang pagsisikap ng Catholic Relief Service na magtayo ng apat na paaralan na pinapatakbo ng solar energy.

## Paggamit ng mga Materyal

Sa buong operasyon ng Simbahan sa US at Canada, lahat ng lumang electronics ay hindi itinapon. Sa halip, daan-daang computer ang ibinibigay ng Simbahan taun-taon sa mga charity sa loob at labas ng bansa. Para sa mga electronics na hindi na magagamit pa, ang bawat metal at iba pang mga bahagi ay ni-recycle.

Sa pinakamalaking printing center ng Simbahan, lahat ng labis na piraso ng papel—mula sa pagmamanupaktura ng mga banal na kasulatan hanggang sa mga manwal ng lesson—ay maingat na tinipon at ibinalik sa mga supplier ng papel para gawing bagong pulp.

Sa Latin America, pinapalitan ng mga tindahan ng Simbahan ang mga plastic bag at packaging ng mga alternatibong biodegradable o magagamit muli. Bukod pa rito, ang imprenta ng magasin na nakabase sa Peru ay gumagamit na ngayon ng sustainably sourced wood o mga punong pinutol sa paraang lalago pa rin ang mga ito. Sa Brazil, ang ilang mga kumperensya ng kabataan ay gumagamit ng mga recyclable T-shirt.

> "Kung nais nating pangalagaan ang mundo sa kasaganaan at kagandahan nito, malaking bahagi ng gawaing ito ay gagawin sa loob ng ating tahanan, sa loob ng ating pamilya."
>
> —PATRICK KEARON, KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL[10]

### Ano ang Magagawa Ko?

- Gumamit ng mga reusable o biodegradable bag at bote ng tubig.
- Itapon ang mga nakalalasong basura nang naaangkop, kabilang ang mga baterya, gamot, at pintura.
- Matutong magkumpuni o muling gamitin ang mga produkto sa halip na palitan ang mga ito.

# Pangangalaga sa Kalusugan at Mobility

Nagmalasakit si Jesucristo sa mga taong may kapansanan at karamdaman sa panahon ng Kanyang ministeryo sa lupa. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay patuloy sa misyon na ito sa buong mundo sa pamamagitan ng pagbibigay ng pangangalaga sa kalusugan at mobility aid sa sinumang nangangailangan sa pamamagitan ng iba't ibang programa.

## Pangangalaga sa Mata

Sa Port Moresby, Papua New Guinea, tumulong ang Simbahan na pondohan ang pagtatayo ng isang pasilidad na may solar power at anesthetic resources. Ang iba pang mga organisasyon tulad ng The Fred Hollows Foundation, National Department of Health ng PNG, at mga lokal na unibersidad ay nagtutulungan upang patakbuhin ang pasilidad, na naglalayong mapahusay ang mga sistema ng kalusugan ng mata at makamit ang mga layunin sa pangangalaga ng mata sa rehiyon. Nakatulong din ang isang programa ng pagsasanay sa mga nagtapos na maging bihasang propesyonal sa pangangalaga sa mata, na tinitiyak ang isang pangmatagalang epekto sa kalusugan ng mata sa PNG.

## Mga Pagbabakuna

Noong 2024, ang Simbahan ay nagbigay ng donasyon sa mga pagsisikap ng UNICEF na madagdagan ang sakop ng pagbabakuna sa Ethiopia, na tinitiyak na ang mga bakuna ay maa-access at maayos. Napataas ng kolaborasyong ito ang bilang ng pagbabakuna sa bansa, pinoprotektahan ang mas maraming bata mula sa mga maiiwasang sakit at nagtataguyod ng isang mas malusog na hinaharap para sa mga komunidad sa Ethiopia.

Mahigit kalahating milyong kababaihan sa Malaysia ang hindi nagkaroon ng pagkakataong makatanggap ng cervical cancer vaccine matapos magsara ang mga paaralan sa panahon ng COVID-19 pandemic. Ang Simbahan ay nagbigay ng donasyon sa National Cancer Society of Malaysia upang makatulong na mabigyan ang kababaihan sa silangang bahagi ng bansa ng mga bakunang ito na nagliligtas ng buhay.

## Pagbibigay ng Pangangalagang Pangkalusugan sa Lahat

Sinusuportahan ng Simbahan ang maraming proyekto para mapabuti ang pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong nangangailangan. Sa Quito, Ecuador, nagbigay ang Simbahan ng mga care at hygiene kit sa mahigit 19,200 indibiduwal at pamilya, na nagpapabuti sa kanilang pamumuhay. Sa Venezuela, ang Simbahan ay nakipagtulungan sa Project HOPE upang maghatid ng kalusugan, nutrisyon, at sikolohikal na suporta, na pinakinabangan ng mga ina, caregiver, at mga bata.

Ang Simbahan ay nakatuon din sa mga proyektong sumusuporta sa pangangalaga sa ina at bagong panganak na sanggol, na naaayon sa pandaigdigang inisyatibo ng Relief Society para sa kapakanan ng kababaihan at mga bata. Sa ilang bahagi ng Africa, ang bilang ng mga namamatay na bagong panganak na sanggol ay kabilang sa pinakamataas sa mundo. Bilang tugon, nakikipagtulungan ang Simbahan sa iba pang mga organisasyon para sanayin ang mga healthcare worker, na tumutulong para mabawasan ang pagkamatay ng mga sanggol. Sa Estados Unidos, nakikipagtulungan ang Simbahan sa NAACP upang mapababa ang bilang ng mga namamatay na sanggol sa mga Black community sa buong bansa.

## Pagbibigay ng mga Wheelchair sa Sierra Leone

**Salamat sa donasyon mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, daan-daang tao sa Freetown, Sierra Leone, ang tumanggap ng mga wheelchair, saklay, at puting tungkod. Ang suportang ito, kasama ang pagsasanay para sa mga lokal na technician at physiotherapist, ay lubhang pinabuti ang mobility o kakayahang makakilos nang mag-isa.**

**Isang indibiduwal, na gumagapang mula pagkabata, ang nagpahayag ng matinding pasasalamat dahil sa bagong natagpuang kalayaan at dignidad.**

### Ano ang Magagawa Ko?

- Matuto pa ng tungkol sa mga bakuna at ibahagi ang iyong kaalaman sa mga kaibigan at pamilya para matuto rin sila.
- Makibahagi sa pamamagitan ng pagboboluntaryo sa mga vision screening at health fair sa inyong lugar.
- Magluto ng pagkain para sa isang taong hindi maganda ang pakiramdam.



Mga bata sa Ghana na tumutulong sa pagluluto ng hapunan.

# Pagpapakain sa mga Nagugutom

Upang matulungan ang mga taong nahihirapan dahil sa gutom, unang tinutugunan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang pinakamatinding pangangailangan at pagkatapos ay sinusuportahan ang pangmatagalang mga plano para sa self-reliance. Ginagawa ito ng Simbahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng donasyon sa mga proyektong tumutugon sa mga agarang pangangailangan, pakikipagtulungan sa iba pang mga organisasyon na nakatuon sa pangmatagalang seguridad sa pagkain, at pagpapatakbo ng sarili nitong programa sa nutrisyon ng bata.

## Mga Donasyon ng Kalakal

Ang Simbahan ay nagpapatakbo ng 122 bishops' storehouse sa 6 na bansa. Ang mga storehouse na ito, na puno ng pagkain at iba pang mahahalagang kalakal, ay ginagamit ng mga lokal na lider ng Simbahan para pangalagaan ang mga miyembrong nangangailangan sa loob ng kanilang mga kongregasyon. Sa mga lugar na walang mga storehouse, madalas na nakikipagtulungan ang Simbahan sa mga grocery store sa lugar para maglaan ng mga kinakailangang kalakal.

Bukod sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro, ang mga bishops' storehouse ay namahagi ng pagkain at mga suplay sa mga charitable organization sa buong Estados Unidos at Canada. Noong 2024, mahigit sa 39 na milyong libra ng pagkain mula sa mga bishops' storehouse ang naibigay sa pamamagitan ng mga humanitarian organization at food bank, na umabot ng mga 32 milyong pagkain para sa mga nangangailangan. Halimbawa, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagbigay ng donasyon sa Catholic Community Services sa Salt Lake City, Utah, upang magbigay ng pagkain at seguridad sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan at sinumang nangangailangan ng tulong mula sa food bank ng Catholic Community Services.

Sa Spain, tumugon ang Simbahan sa pagdagsa kamakailan ng mga taong naghahanap ng kanlungan sa pamamagitan ng pagsuporta sa organisasyong El Hogar Buen Samaritano sa pagkuha ng bagong van para maghatid ng mga kalakal sa mga taong nangangailangan.

## Ang Pagsisikap para sa Nutrisyon ng Bata na Nakatuon sa Miyembro

Maraming mga bata na edad zero hanggang lima sa buong mundo ang nakakaranas ng malnutrisyon. Ang Pagsisikap ng Simbahan para sa Nutrisyon ng Bata ay nilayong tulungan ang mga batang miyembro na maabot ang kanilang buong potensiyal sa pisikal , mental, at espirituwal. Ang mga bata ay ini-screen para sa malnutrisyon, at ang kanilang mga magulang o tagapag-alaga ay kinukonekta sa resources at edukasyon upang matulungan sila na mapabuti ang nutrisyon ng kanilang mga anak. Saanman naitatag ang programa, inaanyayahan ang mga miyembro ng komunidad na makilahok.

Bukod sa programang ito na nakatuon sa mga miyembro, sinusuportahan ng Simbahan ang iba pang pandaigdigang organisasyon na inuuna ang nutrisyon ng bata. Noong Hunyo 2024, ibinalita ng Simbahan ang donasyon sa walong organisasyon na tumutulong sa pangangalaga sa ina at kalusugan ng mga bata. Nagbigay din ang Simbahan ng $5 milyon sa Edesia Nutrition, na gumagawa ng mga pagkain na nakapagliligtas ng buhay na nakagagamot sa malnutrisyon. Bukod pa sa mas malalaking pandaigdigang proyektong ito, sinusuportahan ng Simbahan ang mga lokal na pagsisikap sa iba't ibang panig ng mundo, tulad ng

> "Walang humanitarian effort na mas mahalaga sa Simbahan ni Cristo kaysa sa pagpapakain sa nagugutom. . . . Habang magkakasama tayong naglilingkod, pinalalawak natin ang naaabot ng mapagmahal na mga bisig ni Cristo."
>
> —CAMILLE N. JOHNSON, RELIEF SOCIETY GENERAL PRESIDENT[11]

donasyon nito sa programang Free Breakfasts for Schools ng Ministry of Education and Training ng Tonga, na nagsisilbi sa humigit-kumulang 21,000 estudyante sa buong Tongatapu at sa mga isla ng Tonga.

## Pag-asa sa Sarili sa Paglutas ng Kawalan ng Seguridad sa Pagkain

Ang mga alituntunin ng self-reliance ay nagbibigay ng kakayahan sa mga tao na maglaan para sa kanilang sarili at sa iba, nagpapabuti sa kalusugan ng pag-iisip at nagtataguyod ng mga koneksyon sa komunidad. Ito ang dahilan kung bakit nakikipagtulungan ang Simbahan sa mga pandaigdigang programa at organisasyon na sumusuporta sa mga alituntuning ito.

Sa Hungary, nag-ambag ang Simbahan sa proyekto ng Bodva Valley Women's Roma Association, na tumutulong sa mga pamilyang nahihirapan na magkaroon ng sariling alagang mga baboy. Ang proyektong ito ay magbibigay-daan sa mga nasa isang daang tao na magkaroon ng produksyon ng pagkain, maglaan para sa kanilang sarili, at mabawasan ang kawalan ng seguridad sa pagkain sa kanilang lugar.

Sa Ghana, pinondohan ng Simbahan ang proyekto ng International Development Enterprise (iDE) na nagbibigay ng training sa agrikultura at kagamitan sa pagsasaka. Ito ay tumutulong sa mga pamilya na maglaan para sa kanilang sarili at magbenta ng mga labis na pananim upang suportahan ang iba pang mga pangmatagalang pangangailangan. Si Shei, isang kalahok sa programa, ay nakapagbenta kalaunan ng kanyang mga pananim na pambayad sa muling pag-aaral ng kanyang mga anak at ng isa pang bata mula sa komunidad.

Patuloy ding nag-aalok ang Simbahan ng Benson Scholarship para tulungan ang mga miyembro ng Simbahan na makapasok sa edukasyong nakatuon sa agrikultura na magpapahusay sa mga kasanayan sa pagsasaka sa kanilang komunidad.

## Pagtulong kay Julio na Maabot ang Kanyang Buong Potensyal

**Sa Guatemala, ipinanganak si Julio na kulang sa buwan at matindi ang malnutrisyon. Dinala siya ng kanyang ina sa isang nutrition screening sa pamamagitan ng pagsisikap ng Simbahan na pangalagaan ang nutrisyon ng bata, kung saan tumanggap siya ng mga nutrition supplement para maipasa sa kanya sa pamamagitan ng pagpapasuso. Nang mag-anim na buwang gulang si Julio, binigyan siya ng mga nutrition supplement na kakainin niya. Si Julio ay apat na taong gulang na ngayon, gumaling sa matinding malnutrisyon, at malapit na niyang maabot ang kanyang angkop na timbang. Salamat sa programang pangangalaga sa nutrisyon ng bata, mas malaki na ang tsansa ngayon ni Julio na maabot ang kanyang buong mental at pisikal na potensyal.**



Isang UNICEF worker na gumagamit ng MUAC tape upang matukoy ang malnutrisyon sa mga bata sa mga lugar na tinamaan ng tagtuyot sa hilagang silangan ng Uganda. Larawan sa kagandahang-loob ng UNICEF.

### Ano ang Magagawa Ko?

- ❍ Magboluntaryo sa inyong lokal na food bank.
- ❍ Magtanim at ibahagi ang mga ani sa iyong mga kapitbahay.
- ❍ Anyayahan ang mga tao sa inyong komunidad na dumalo sa self-reliance group ng inyong ward.

# Suporta sa Tirahan

Kasunod ng mga kalamidad, alitan, o iba pang mga hamon, maraming tao ang madalas na nangangailangan ng tirahan. Sinusuportahan ng Simbahan ang mga pagsisikap sa pabahay sa iba't ibang panig ng mundo upang tulungan ang mga tao na makabangon mula sa mahihirap na sitwasyong ito, at nakikipagtulungan ito sa mga pinagkakatiwalaang organisasyon upang ilipat ang mga tao sa mas permanenteng solusyon sa pabahay o magtayo at magbigay ng mga bagong bahay o negosyo.



Mga taong nawalan ng tirahan na nakatira sa donasyong pansamantalang tirahan sa Mexico.

## Paghahanap ng Pabahay Pagkatapos ng Pagtakas sa Labanan

Maraming tao sa iba't ibang panig ng mundo ang nahaharap sa katotohanan ng paglisan sa kanilang mga tahanan upang makatakas sa labanan. Kung walang permanenteng tirahan at mga pangunahing pangangailangan, lubhang maaapektuhan ang kalusugan ng kanilang pag-iisip, edukasyon, kakayahang magtrabaho, at iba pang mga aspeto ng kanilang buhay. Sa Minawao Refugee Camp sa Cameroon, sinuportahan ng Simbahan ang ShelterBox sa kanilang pagsisikap na maglaan sa mga taong nawalan ng tirahan na dumarating sa kampo ng mga kinakailangang bagay, kasama na rito ang mga tolda. Ang suportang ito ay hindi lamang nagbigay ng isang ligtas na lugar na matutulugan kundi lumikha din ng isang tahanan kung saan ang mga pamilya ay maaaring magsama-sama at simulan na muling ibangon ang kanilang buhay.

## Muling Pagtatayo pagkatapos ng mga Kalamidad

Matapos ang isang kalamidad, naharap ang mga apektadong indibiduwal sa mahabang daan patungo sa pagbangon, mula sa paglilinis ng mga kalat o guho hanggang sa muling pagtatayo at pag-aayos ng kanilang mga tahanan. Noong Pebrero 2024, tinupok ng malaking sunog ang mga komunidad ng Quilpué, Villa Alemana, at Viña del Mar sa Chile, na siyang pinakamapaminsalang sunog sa Chile sa nakalipas na dekada.

Sa pakikipagtulungan sa Desafío Levantemos Chile, pinondohan ng Simbahan ang daan-daang gift card para makabili ang mga residente ng materyales sa pagtatayo at mga kagamitan sa bahay. Ang mga gift card na ito ay nagbigay ng mahalagang tulong-pinansyal, na nagbigay ng kakayahan sa mga tao na ibangon ang kanilang buhay.

## Paghahanap ng Tahanan sa Pansamantalang Tirahan

**Kinailangan ni Kaltoumi at ng kanyang maliliit na anak na lisanin ang kanilang tahanan para sa kaligtasan isang gabi, na walang dalang ibang kasuotan maliban sa damit na suot nila. Matapos ligtas na makarating sa Minawao Refugee Camp, tumanggap si Kaltoumi ng tolda para sa kanyang maliit na pamilya sa pamamagitan ng suporta ng Simbahan at ShelterBox. Ang tolda ang naging tahanan nila, at nagtatanim ngayon si Kaltomi ng mani at gulay sa labas ng tolda para mapakain ang kanyang mga anak.**

**"Gustung-gusto ko ang pagtatanim," sabi niya "dahil pinapakain nito ang pamilya ko nang hindi umaasa sa sinuman." Ang shelter ay nagbigay sa kanya ng pagkakataon na magsimula ng isang bagong buhay para sa kanyang pamilya at isang lugar upang maging mas self-reliant.**

### Ano ang Magagawa Ko?

- Tulungan ang isang tao sa pagkukumpuni o pagpapalit ng kanilang bubong.
- Magboluntaryo sa isang lokal na shelter para sa mga walang tirahan.
- Ibigay ang iyong lumang kasangkapan sa pamilyang nangangailangan.

# Kalusugan ng Pag-iisip

Ang mga may suliranin sa pag-iisip at damdamin ay maaaring maglimita sa kakayahan ng mga tao na makaramdam ng kagalakan, kumonekta sa Diyos at sa iba, o maniwala sa kahalagahan ng kanilang sarili. Nag-aalok ang Simbahan ng ilang programa at resources para tulungan ang mga taong nahaharap sa mga hamong ito na makamit ang mas malaking tulong, pag-asa, at katatagan.

## Family Services

Ang mga miyembro ng Simbahan na nahaharap sa mental, emosyonal, o mga isyu sa kalusugan ng pag-uugali ay maaaring humiling ng referral sa Family Services mula sa kanilang bishop. Sa pagkonsulta ng miyembro, natutukoy ang angkop na resources, na maaaring kabilang ang mga referral sa mga tulong sa komunidad, resources para sa tulong sa sarili, o walang bayad na mga klase sa kasanayan, group therapy, at indibiduwal na pagpapayo ng Family Services.

Nag-aalok din ang Family Services ng:

- Pagpapayo para sa mga missionary
- Isang helpline para sa mga lider
- Sikolohikal na pagsasanay sa first aid at mga interbensyon
- Mga worksheet para sa emosyonal na pagtulong sa sarili

## Addiction Recovery Program

Noong 2024, ang addiction recovery program ng Simbahan ay pinalitan ng pangalang *Pagpapagaling sa pamamagitan ng Tagapagligtas: Ang Addiction Recovery Program* para ipakita ang kapangyarihan ng Tagapagligtas na magpagaling. Ang libre at kumpidensyal na programang ito ay sumusuporta sa mga miyembro ng Simbahan at sa iba pa na nahihirapan sa nakalululong at di-makontrol na pag-uugali. Nag-aalok ito ng resources tulad ng na-update na *12 Hakbang na Gabay sa Pagrekober*, pati na rin ng suporta para sa mga miyembro ng pamilya ng mga nagrerekober.

## Iba Pang Resources sa Kalusugan ng Pag-iisip

Ang Simbahan ay nagbigay ng ilang resources para tulungan ang mga miyembro ng Simbahan at iba pa na humihingi ng suporta sa kalusugan ng pag-iisip, kabilang na ang kursong Paghugot ng Lakas sa Panginoon: Katatagan ng Damdamin. Kabilang sa karagdagang resources na inilabas noong 2024 ay ang:

- **Mga emotional care card:** Ang mga prompt card na ito ay nagpapayo sa mga tao tungkol sa pamamahala sa kanilang sariling mga hamon sa emosyon at pagsuporta sa iba.
- **Mga webpage tungkol sa mga paksa sa kalusugan ng pag-iisip:** Mga praktikal na gabay para matulungan ang mga tao na may hamon sa kalusugan ng pag-iisip.

"Dalhin ninyo ang mga pasanin ng isa't isa, at sa gayon ay matutupad ninyo ang kautusan ni Cristo."

—GALACIA 6:2

## Pagpapagaling sa pamamagitan ng Tagapagligtas

**Sa pamamagitan ng resources na makukuha sa *Pagpapagaling sa pamamagitan ng Tagapagligtas: Ang Addiction Recovery Program*, nadaig ni Lisi ang kanyang mga adiksyon at nakasulong siya nang may mas magandang kalidad ng pamumuhay. Ang 12-hakbang na proseso ng programa ay tumutulong sa mga tao na harapin ang kanilang mga hamon, makipag-ugnayan sa iba, at mas maunawaan ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Si Lisi ngayon ay maayos na, may asawa at dalawang magagandang anak, at naghahangad na suportahan ang iba sa pagdaig sa adiksyon.**

## Ano ang Magagawa Ko?

- Itanong sa inyong mga lokal na lider ng Simbahan tungkol sa paglikha ng addiction recovery group kung wala sa inyong lugar.
- Matuto pa ng tungkol sa psychological first aid, na maaaring matutuhan sa pamamagitan ng isang kurso na may sertipikasyon.
- Isaalang-alang ang paggamit ng mga emotional care card upang ma-facilitate ang mga pag-uusap tungkol sa kalusugan ng pag-iisip sa inyong mga lokal na pulong.

Alamin ang Iba Pa

# Pag-asa sa Sariling Kakayahan o Self-Reliance

Hangad ng Simbahan na tulungan ang lahat na maging self-reliant at madagdagan ang kanilang kakayahan na pangalagaan ang kanilang pamilya at komunidad. Ang self-reliance ay nagtataguyod ng dignidad at tumutulong sa mga tao na maabot ang kanilang buong potensyal.

## Mga Self-Reliance Group

Para matulungan ang mga tao na maging self-reliant, nag-aalok ang Simbahan ng ilang kurso:

- Pagsisimula at Pagpapalago ng Aking Negosyo
- Personal na Pera
- Katatagan ng Damdamin
- Edukasyon para sa Mas Magandang Trabaho
- Maghanap ng Mas Magandang Trabaho para Maging Self-Reliant

Sa Paris, France, isang stake president ang nagdaos ng mga training session para sa pamumuno sa kanyang stake at hinikayat ang bawat ward na tumawag ng welfare and self-reliance specialist. Natutuhan ng mga specialist na ito kung paano magsagawa ng mga self-reliance group at ginabayan ang maraming tao sa lugar patungo sa landas ng self-reliance.

Isang mag-asawa ang dumalo sa mga kursong Personal na Pera at Pagsisimula at Pagpapalago ng Aking Negosyo at ibinahagi kung paano nakaapekto sa kanilang buhay ang mga kursong ito: "Ang mga self-reliance group at kurso ay nagbibigay ng inspirasyon at tumutulong sa amin na 'pukawin at palawakin ang aming mga kakayahan.' Nagpapasalamat [kami] na dumalo [kami] sa mga kursong ito. Limang taon na ang lumipas, nakikita pa rin [namin] ang mga pagpapala araw-araw."

## Mga Pagsisikap para sa Self-Reliance

Sa Liberia, ang Simbahan ay nagbigay ng donasyon sa mga pagsisikap ng World Food Programme sa pagbibigay ng training sa agrikultura, mga kooperatiba ng mga magsasaka, at mga sentro ng agribusiness. Ang mga programang ito ay nagturo sa mga magsasaka sa Liberia kung paano mapahusay ang mga kasanayan sa pagsasaka, mapalakas ang ani ng pananim, at dagdagan ang kanilang kita. Bukod pa rito, pinondohan ng Simbahan ang pagtatayo ng mga center at warehouse, na nagpabuti sa kahusayan sa pagsasaka at tumulong sa komunidad.

Sa Brazil, sinuportahan ng Simbahan ang training course sa wikang Portuges na nakatulong sa mga migrante na mapabuti ang paghahanap nila ng trabaho.

## Pagkakaroon ng Kakayahan sa pamamagitan ng mga Self-Reliance Course

**Naranasan ni Juanita ang kawalan ng tirahan sa loob ng tatlong taon bago natagpuan ang Simbahan at sumapi rito. Hindi nagtagal, dumalo siya sa kursong Edukasyon para sa Mas Magandang Trabaho ng self-reliance at sinabing, "Mula noon ay nagbago na ang buhay ko."**

**Pagkatapos ay kinuha ni Juanita ang mga kursong Personal na Pera at Katatagan ng Damdamin. "Bawat klase ay nagturo ng isang bagay tungkol sa aking sarili," sabi niya. Si Juanita ay naka-enroll ngayon sa mga klase sa kolehiyo, nakakabayad ng kanyang mga bayarin, at hangad na makapagtrabaho kalaunan sa human resources.**

### Ano ang Magagawa Ko?

- Sumali sa isang lokal na self-reliance group.
- Magturo sa klase at ibahagi ang iyong mga kasanayan.
- Magboluntaryo para sa mga proyektong sumusuporta sa pagiging self-reliant.



Babaeng naghahanap ng trabaho sa isang Employment Center.



Alamin ang Iba Pa

“Ayaw ng mga kabataan at pamilya ng limos—gusto nila ng tulong na magpapabuti sa kanilang sitwasyon.”

—BARRON SEGAR, PRESIDENT AND CEO OF WORLD FOOD PROGRAM USA[12]









**Clockwise mula sa itaas:** Mga magsasaka na nagdidilig sa hardin ng kanilang komunidad sa Liberia. Isang babae sa Tonga na nagtitinda ng mga kalakal mula sa kanyang tindahan. Isang kolaborasyon sa Muslim Aid na nagbibigay sa mga indibiduwal sa Bosnia ng mga bahay-pukyutan at edukasyon sa pag-aalaga ng bubuyog. Mga Relief Society sister na nagtuturo sa iba sa kanilang komunidad kung paano magbasa at sumulat.



# Pandaigdigang Tulong

**“Kung tunay na sinusunod ng bawat isa sa atin ang halimbawa ng pagmamahal at paglilingkod ng ating Tagapagligtas, tunay na kinikilala nang personal ang mga taong inaakala nating kakaiba sa atin . . . tunay na tayo ay magiging isa kay Cristo.”**

—J. ANETTE DENNIS,
UNANG TAGAPAYO SA RELIEF SOCIETY GENERAL PRESIDENCY[13]

I-scan ang code upang marami pang malaman.



Mga estudyante sa Democratic Republic of Congo na naglalaro sa isang mentoring and development center na suportado ng UNICEF. Larawan sa kagandahang-loob ng UNICEF.

# Africa

Ang aming layunin ay tulungan ang mga tao na matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan, maging self-reliant, at palakasin ang kanilang mga komunidad. Upang makamit ang mithiing ito, sinuportahan ng Simbahan ang mga pagsisikap na mabigyan ng pagkain, edukasyon, malinis na tubig, at sanitasyon ang mga komunidad sa buong Africa.

## Access sa Pagkain at Malinis na Tubig

Noong World Water Day, ibinalita ng Simbahan ang donasyong 10,000 litro na motorized borehole at mga bagong palikuran sa Mboshi Aji Community sa Nigeria. Ang proyektong ito, sa pakikipagtulungan ng WaterAid Nigeria, ay nagbigay ng malinis tubig sa komunidad at nagsulong ng tamang sanitasyon at kalinisan.

Sa Zimbabwe, inuna ng Simbahan ang pagkakaroon ng malinis na tubig sa Zimburi Primary School sa pamamagitan ng pag-install ng bagong water system. Ipinagdiwang ng headmaster at mga guro ang bagong instalasyon, na nakabawas sa buwanang pagliban dahil sa paglalaan ng gumaganang shower para sa mga batang babae at sapat na tubig para sa hardin ng paaralan.

## Edukasyon

Sa Ghana, ang mga estudyante sa Foase School ay nangailangan ng mas maraming silid-aralan at nagagamit na palikuran. Nagbigay ang Simbahan ng 10-classroom block para sa mga 1,000 estudyante, toilet facility, at borehole. Bukod dito, nagdagdag ang Simbahan ng water filtration system para mainom ang tubig. Ang mga pagpapabuti na ito ay lumikha ng isang mas ligtas na kapaligiran para sa mga estudyante at kawani, na nagresulta sa mas mataas na bilang ng attendance ng estudyante.

Sinuportahan din ng Simbahan ang mga inisyatibong pang-edukasyon sa pamamagitan ng pag-ambag sa isang proyekto ng UNICEF na nakatuon sa maagang pag-aaral ng mga bata. Ang pagsisikap na ito ay nagbigay sa 6,000 bata na wala sa paaralan ng mga alternatibong programa sa pag-aaral o mga catch-up class at nagbigay sa 140,000 bata ng access sa mahusay na mga programa sa edukasyon.

> "Mahigit sa 2.2 bilyong tao sa buong mundo ang nabubuhay nang walang sapat na ligtas na tubig at sanitasyon. Ito ay pinagmumulan ng malaking tensyon sa mga tao at pamahalaan sa buong mundo. Ang World Water Day ay ipinagdiriwang taun-taon upang itaas ang kamalayan sa pangangailangan sa malinis na tubig at napapanatiling sanitasyon."
>
> —SOLOMON AKPANUFOT, ENUGU COORDINATOR NG WATERAID NIGERIA[14]




**Kaliwa:** Isang babae sa Liberia na nagbubuhos ng malinis na tubig mula sa balon ng nayon. **Kanan:** Mga komadrona na nakikibahagi sa Helping Babies Breathe training na inorganisa ng Project HOPE kasama ang Simbahan sa Sierra Leone.

## Pangangalaga sa Kalusugan at mga Kapansanan

Sa Nwinsa, Ghana, natapos ng lokal na pamahalaan ang pagtatayo ng isang health clinic, ngunit walang mga silid para sa mga medikal staff na maaaring upahan sa malapit. Upang matugunan ang pangangailangang ito, nagtayo ang Simbahan ng mga kwarter ng mga nurse, kaya nagkaroon ng ligtas na tirahan ang mga medical staff. Ang klinika ay nilagyan din ng mga kagamitang medikal at isang electrical system na mahalaga sa paggamit ng mga donasyong kagamitan.

Sa Mali, ang mga donasyon ng Simbahan ay nakatulong sa UNICEF na matagumpay na maalis ang maternal at neonatal tetanus (MNT), isang sakit na mapanganib sa mga ina at anak sa buong mundo. Napakaraming sanggol ang namamatay dahil sa MNT sa bawat taon, at karamihan sa mga apektadong sanggol ay hindi mabubuhay kapag walang access sa mga pasilidad sa panggagamot. Naging mapanganib ito sa kalusugan ng kababaihan at mga bata sa mga bansang madalas tamaan nito. Ang kapansin-pansing tagumpay ng Mali sa pagpuksa sa MNT ay isang patunay sa sama-samang pagsisikap ng bansa at ilang pinagkakatiwalaang mga organisasyon, kabilang ang UNICEF.

## Pagbibigay ng Seguridad sa Pagkain Pagkatapos ng Sigalot

**Kamakailan lamang ay bumalik si Nadia sa South Sudan matapos ang sigalot doon, kung saan ang pagdagsa ng mga bumalik ay lumikha ng agarang pagtugon sa mga pangangailangan ng tao. Dahil sa kolaborasyon ng CARE at ng Simbahan, tumanggap si Nadia at 1,300 pang kabahayan ng mahahalagang suplay ng pagkain para makatulong sa pagsasaayos. Makapaglalaan na ngayon si Nadia ng pagkain para sa kanyang pamilya sa susunod na tatlong buwan.**

**"Ang pagbalik mula sa Sudan na walang pagkain para sa pamilya ay nagdulot ng kapighatian sa amin," sabi ni Nadia. "Ang tulong na ito ay napakalaking ginhawa."**

### Ano ang Magagawa Ko?

- Matuto pa ng tungkol sa mga pagsisikap na magkaroon ng malinis na tubig, sanitasyon, at kalinisan sa iyong komunidad.
- Makipag-usap sa isang lokal na food shelter tungkol sa patuloy na mga pangangailangan.



Isang babae sa Japan na nagbabasa sa kanyang mga anak.

# Asya

Noong 2024, maraming likas na kalamidad ang puminsala sa mga lugar sa iba't ibang dako ng Asya, na nag-iwan ng mga taong nangangailangan ng tulong. Ang Simbahan at ang mga miyembro nito ay tumugon sa mga kalamidad na ito nang may pakikiramay at pagmamahal, na nagbigay ng tulong sa iba sa kanilang komunidad. Bukod pa rito, inuna ng Simbahan ang edukasyon at pangangalaga sa kalusugan para mapalakas ang self-reliance sa lugar.

## Edukasyon

Sa Mongolia, sinuportahan ng Simbahan ang isang proyekto na magbigay ng mga computer sa mga paaralang sekundaryo sa mga lalawigan. Nakipagtulungan ang Simbahan sa Ministry of Education para maihatid ang 1,000 computer sa paaralang sekundaryo sa kanlurang Mongolia. Pinagpala ng proyektong ito ang humigit-kumulang 43,000 estudyante ng mas mataas na oportunidad sa edukasyon.

Sa buong Cambodia, maraming kabataang estudyante ang kulang sa de-kalidad na edukasyon. Noong 2024, pinondohan ng Simbahan ang ilang proyekto sa pagtatayo at renobasyon para magkaroon ng mas ligtas at mas napapanatiling kapaligiran sa pagkatuto para sa mga estudyante. Kabilang sa mga proyektong ito ang pagtatayo ng mga bagong silid-aralan upang mabawasan ang pagsisiksikan, pag-update ng mga pasilidad upang mapahusay ang kaligtasan, at pag-aayos ng mga pasilidad na kinakailangang kumpunihin.

## Pangangalaga sa Kalusugan at Malinis na Tubig

Noong 2024, sinuportahan ng Simbahan ang mga pagsisikap sa Asya na magbigay ng de-kalidad na pangangalaga sa kalusugan, kabilang na ang pag-update ng mga pasilidad para sa pangangalaga sa kalusugan, pagsuporta sa mga taong may kapansanan, at pagtataguyod ng mga inisyatibo sa tubig at sanitasyon.

Sa Indonesia, nagbigay ang Simbahan ng mga lower-limb prosthetics para makasali ang mga tao sa mga aktibidad tulad ng pagpasok sa paaralan, pangangalaga sa kanilang pamilya, at pakikilahok sa kanilang komunidad.

Sa Timor-Leste, nagsagawa ng proyekto ang Simbahan na magdala ng tubig na kailangang-kailangan sa mga liblib na nayon. Binili ang mga tangke ng tubig upang suportahan ang mga indibiduwal at pamilyang naninirahan sa mga nayong ito. Ang pagsisikap na ito ay nagpaunlad sa kalidad ng buhay ng mga tao na walang access sa tubig.

## Pagtugon sa Emergency

Hangad ng mga miyembro ng Simbahan na "magpasan ng pasanin ng isa't isa . . . makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati . . . at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw" (Mosias 18:8–9) habang nagbibigay ng agarang tulong sa mga naapektuhan ng iba't ibang kalamidad.

Noong Abril, sumabog ang Mount Ruang Volcano sa Indonesia. Bilang tugon, nakipagtulungan ang Simbahan sa lokal na pamahalaan at iba pang mga organisasyon upang magbigay ng tirahan, damit, at iba pang mga pangangailangan para sa mga 3,600 indibiduwal na nawalan ng tirahan.

Ang ibang mga lugar sa Asya ay nakaranas din ng mga kalamidad sa buong taon. Bilang tugon sa lindol na puminsala sa Noto Peninsula ng Japan noong Enero, nagbigay ang Simbahan ng pondo para tumulong sa pagpreserba ng





**Kaliwa:** Mga missionary sa South Korea na tinutulungan ang isang tao sa paglipat sa bagong apartment. **Kanan:** Mga bata sa Mongolia na gumagamit ng mga donasyong computer sa paaralan.

kasaysayan. Ang donasyon ay nakatulong sa pag-aayos ng mga gastos para sa mga sagradong dambana at templo sa lugar. Gumawa rin nang walang kapaguran ang mga miyembro ng Simbahan sa paglilinis ng mga komunidad na nawasak ng lindol.

## Muling Pagtatayo ng mga Bahay at Pagbangong Muli

**Matinding napinsala ng pagbaha ang bahay ni Mila* sa silangang Malaysia. Tulad ng kanyang mga kapitbahay, sinimulan ni Mila at ng kanyang pamilya na linisin ang mga kalat sa kanilang bahay at nagsimulang ibangon muli ang kanilang buhay matapos humupa ang tubig. Marami sa kanilang mga gamit sa bahay ang nawala o nasira, kabilang ang kama ni Mila. Tumanggap si Mila ng kutson at higaan bilang bahagi ng donasyon na ipinamahagi ng Simbahan. Sa wakas, matapos ang paghihirap na muling ibangon ang kanyang buhay, nagkaroon ng ligtas at malinis na lugar si Mila sa kanyang pagtulog sa gabi.**

**Binago ang pangalan*

> "Lahat tayo ay magkakapatid, at nagtutulungan. Dama natin ang pagmamahal mula sa Simbahan. Maganda ang mga gusaling naayos, at masaya ang mga pasyente na maalagaan dito. Mas malinis na ang ospital ngayon at mas maayos na ang kalinisan."
>
> —HE NHEK BAN KHENG, DEPUTY GOVERNOR NG KAMPONG THOM[15]

### Ano ang Magagawa Ko?

- ❍ Magboluntaryo na magturo sa isang lokal na paaralan.
- ❍ Magluto ng pagkain para sa isang pamilyang nahihirapan sa inyong lugar.
- ❍ Magbigay ng mga produktong panlinis sa isang lokal na shelter.

# Australia, Pilipinas, at ang Pacific

Ang pagtulong ng Simbahan sa Pacific ay kadalasang nauugnay sa maraming kalamidad na nakakaapekto sa lugar, kabilang na ang pagsabog ng mga bulkan, bagyo, at baha. Nakikipagtulungan din ang Simbahan sa mga organisasyong may katulad na layunin sa Pacific upang matugunan ang iba pang mga pangangailangan sa rehiyon tulad ng pagpapabuti ng nutrisyon ng bata at pagbibigay ng mas maraming access sa malinis na tubig.



Mga young adult at missionary sa New Zealand na nagboluntaryo para tumulong sa pag-aayos ng mga bahay.

## Pagtugon sa Emergency

Nadarama pa rin ng maraming residente sa North Island ng New Zealand ang epekto ng Cyclone Gabrielle, na puminsala sa isla noong 2023. Upang maibsan ang mga hamon na dulot ng kalamidad na ito, tumulong ang Simbahan sa muling pagtatayo ng mga bahay sa komunidad ng Wairoa na matinding naapektuhan.

Sa Negros Occidental, Pilipinas, nagbigay ang Simbahan ng mga food pack, inuming tubig, higaan, at hygiene kit sa mahigit 80 pamilyang lumikas matapos sumabog ang Bulkang Kanlaon.

## Nutrisyon ng mga Bata

Inuuna ng Simbahan ang pagpapabuti ng nutrisyon ng mga bata sa iba't ibang panig ng mundo upang maabot nila ang kanilang buong potensyal sa mental, pisikal, at espirituwal. Ang pagsisikap na ito ay lalong mahalaga sa Pilipinas, kung saan maraming mga lokal na kontribusyon ang sumusuporta sa layuning ito. Bukod sa mga lokal na inisyatibo ng Simbahan para sa nutrisyon ng bata na nakatuon sa pagtulong sa mga batang kulang sa nutrisyon sa loob ng Simbahan, ang Simbahan ay nakipagtulungan sa kagawaran ng edukasyon ng Tonga upang magbigay ng almusal para sa libu-libong batang mag-aaral na kulang sa nutrisyon sa buong 168 paaralan.

## Malinis na Tubig

Nag-ambag ang Simbahan ng ilang milyong dolyar para sa mga proyektong pangkawanggawa sa Pacific, kaya't naipatupad ng UNICEF ang mga programang patubig, sanitasyon, at kalinisan sa Vanuatu, Solomon Islands, at Papua New Guinea. Bukod pa rito, tumulong ang Simbahan na pondohan ang isang proyekto ng WaterAid para mapabuti ang mga pasilidad ng tubig sa mga paaralan sa Papua New Guinea.

## Pag-abot sa Mahahalagang Pag-unlad

**Sa Pampanga, Pilipinas, ang apat na taong gulang noon na si Amara ay nagpa-screen sa isang lokal na child nutrition program na pinamamahalaan ng Simbahan. Sa resulta ng assessment, napag-alaman na kulang sa nutrisyon si Amara. Siya ay ginamot gamit ang micronutrient powder, mga suplementong bitamina, at gamot. Ang kanyang pagkain ay pinasustansya rin na tugon sa mga kakulangan niya sa nutrisyon. Bukod dito, ang mga magulang ni Amara ay natuto ng tamang nutrisyon, mga kasanayan sa kalinisan, at pag-aalaga ng anak, at ang pamilya ay nakatanggap ng mas mahusay na access sa malinis na tubig at mga health unit.**

**Sa pamamagitan ng mga pagsisikap na ito, unti-unting bumuti ang kalusugan ni Amara. Normal na ang kanyang timbang para sa kanyang edad at naabot na niya ang mahahalagang pag-unlad.**

### Ano ang Magagawa Ko?

- Maghanap ng mga lokal na pagkakataon upang mapagmalasakitan ang mga taong nangangailangan.
- Tulungan ang iyong mga anak na kumain ng masustansyang almusal.
- Turuan ang isang bata kung paano maghugas ng kamay.



Alamin ang Iba Pa

# Caribbean

Noong 2024, sinuportahan ng Simbahan ang mga inisyatibo sa edukasyon para tulungan ang mga estudyante sa Caribbean na "maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (Doktrina at mga Tipan 88:118). Nakatuon din ang Simbahan at ang mga miyembro nito sa pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan sa pamamagitan ng mga pagsisikap sa pangangalaga sa kalusugan at pagtugon sa emergency.

## Edukasyon

Ang Simbahan ay nagsagawa ng mga proyekto sa Caribbean na lumikha ng ligtas at modernong kapaligiran sa pag-aaral para sa mga guro at estudyante. Halimbawa, ang mga miyembro ng Simbahan sa Paramaribo, Suriname, ay nagkumpuni ng tatlong paaralan sa lugar, na nagbigay sa mga bata ng mas magandang lugar para matuto.

## Pangangalaga sa Kalusugan

Ang pangangalaga sa kalusugan ng mga indibiduwal ay nagbibigay-daan sa kanila na maging self-reliant at magmalasakit sa iba. Sa tulong ng mga donasyon ng Simbahan, nakipag-ugnayan ang Charity Vision sa libu-libong bata sa mga paaralan sa Dominican Republic sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga mata. Kung kinakailangan, tatanggap ang mga estudyanteng ito ng mga salamin sa mata, na magbibigay sa kanila ng isang mas magandang karanasan sa pagkatuto kapwa sa loob at labas ng paaralan.

## Pagtugon sa Emergency

Matapos mapinsala ng Hurricane Beryl ang maraming lugar, nagboluntaryo ang mga miyembro ng Simbahan mula sa mga karatig lugar at naglakbay patungong Union Island para maghatid ng mga suplay na kailangan, tulad ng pagkain at hygiene kit. Naglingkod rin ang mga miyembro kasama ang iba pang mga organisasyon sa paglilinis ng mga kalat sa mga kalsada mula sa bagyo.



Mga young adult sa Jamaica na magkasamang nagpaplano ng isang proyekto sa paglilingkod.

## Pagbibigay ng Edukasyon na may Kalidad

**Sa Garvey Maceo High School sa Jamaica, si Ms. Vincent, pinuno ng Kagawaran ng Agrikultura, ay tumanggap ng mga espesyal na kagamitan para sa pagtuturo ng mga teknikal at bokasyonal na klase.**

**Sinabi ni Ms. Vincent tungkol sa donasyon, "Nangangako kami na aalagaan namin ang mga regalong ito at, habang ginagamit namin ang mga ito, nagpapasalamat [kami] sa pagpapala sa amin sa ganoong paraan." Ngayon ang kanyang mga estudyante ay gumagawa ng pulot gamit ang mga kagamitang ibinigay, natututo ng mga kasanayan na magagamit nila para maging self-reliant at matustusan ang kanilang magiging pamilya.**

### Ano ang Magagawa Ko?

- ❍ Magbasa ng libro kasama ang isang bata.
- ❍ Samahan ang isang tao na nangangailangan ng kasama sa pagpunta sa doktor.
- ❍ Tumulong sa proyektong paglilinis ng komunidad.

"Maraming pagkakataon na kapag kailangan natin ng tulong, itinuturo Niya tayo sa ibang nangangailangan. At sa pagkakaloob ng kaginhawahan Niya sa iba, nakakasumpong tayo ng kaginhawahan sa Kanya."

—KRISTIN M. YEE, PANGALAWANG TAGAPAYO SA RELIEF SOCIETY GENERAL PRESIDENCY[16]



Isang doktor na tinitimbang ang isang bata bilang bahagi ng Pagsisikap para sa Nutrisyon ng Bata na Nakatuon sa Miyembro.

# Central America at South America

Sa gitna ng mga kalamidad, ang mga miyembro ng Simbahan ay tumutulong sa kanilang mga kapitbahay na nangangailangan. Sa Central at South America, dahil sa mga kalamidad ay marami ang nangailangan ng tirahan, pagkain, at iba pang mga emergency supply. Inuna ng Simbahan ang pagtulong sa lugar na napinsala ng kalamidad noong 2024, kasama ang mga inisyatibo sa seguridad sa pagkain, edukasyon, at pangangalaga sa kalusugan.



Larawang kuha ni Oscar Leiva/Silverlight for Catholic Relief Services.

## Tulong sa Kalamidad

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagbigay ng mahalagang tulong sa mga biktima ng baha sa Rio Grande do Sul, Brazil, kung saan ang matinding pagbaha ay nagresulta sa pagkawala ng tirahan ng 200,000 katao at pagkamatay ng mahigit 90 katao. Nagtatag ang Simbahan ng 21 shelter, namahagi ng mga food package, at naghatid ng anim na toneladang emergency supply, kabilang ang mga kutson at hygiene kit. Bukod pa rito, ang mga miyembro ng Simbahan ay nagbigay ng mga suplay at nakibahagi sa paglilinis para suportahan ang mga naapektuhan.

Sa bayan ng Mistolar, Paraguay, isang tagtuyot na inabot ng maraming taon ang humantong sa matinding krisis sa tubig. Pinondohan ng Simbahan ang pag-install ng mga rainwater cistern at mobile water tank para matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad.

Sa Chile, naglingkod ang mga miyembro ng Simbahan sa isa't isa at sa mga naapektuhan ng mapaminsalang sunog sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga meetinghouse bilang kanlungan, paghahatid ng mga meal kit, at pamimigay ng tulong.

## Seguridad sa Pagkain

Sa Nicaragua, nag-ambag ang Simbahan sa isang pagsisikap ng World Food Programme na nagbigay sa mga bata ng pagkain sa paaralan. Kasama rin sa proyekto ang mga imprastraktura at pag-upgrade ng kusina sa mga paaralan sa iba't ibang dako ng bansa, pagpapaganda ng mga kapaligiran sa pag-aaral para sa mga estudyante.

## Suporta sa Edukasyon

Sa Argentina, nagbigay ang Simbahan ng pondo para magbigay ng scholarship para sa mga estudyante. Ang mga scholarship na ito, na bahagi ng Plan Emaús ng Caritas, ay pakikinabangan ng maraming estudyanteng nangangailangan sa iba't ibang dako ng bansa, na magpapataas ng kanilang mga oportunidad na makapagtrabaho sa hinaharap at tutulong sa kanila na maging self-reliant.

## Pangangalaga sa Kalusugan

Noong 2024, kinilala ang Simbahan sa La Paz, Bolivia, dahil sa mahalagang ginampanan nito sa mga kampanya sa pagbibigay ng dugo, salamat sa mga miyembrong bukas-palad na nagbigay ng kanilang dugo sa mga taong nangangailangan.

Sinuportahan din ng Simbahan ang ika-99 na surgical program ng Operation Smile Peru sa Daniel Alcides Carrión National Hospital, nagbigay ng mahahalagang suplay at medikal na pagsusuri para matulungan ang mga batang may cleft lips at palates.

### Ano ang Magagawa Ko?

- Magbigay ng dugo sa isang lokal na blood drive.
- Maghanap ng mga pagkakataon sa JustServe.org na maglingkod sa inyong komunidad.
- Makibahagi sa paglilinis na malapit sa iyo pagkatapos ng isang kalamidad.

## Mga Donasyon ng Dugo at Pagmamahal

**Si Dr. Alfaro, pinuno ng blood bank sa Benjamin Bloom National Children's Hospital sa San Salvador, El Salvador, ay nagpasalamat sa mga miyembro ng Simbahan sa pagbibigay ng dugo sa kanilang ospital.**

**Halos isang daang donor, kabilang na ang mga miyembro at kaibigan ng Simbahan, ang lumahok sa blood drive ng San Salvador Stake bilang pagpapakita ng pagmamahal sa kanilang kapwa. Sinabi ni Dr. Alfaro, "Sa pamamagitan ng . . . mga donasyong ito, nagawa naming suplayan ang reserbang dugo ng aming ospital at bigyan ng agarang tugon sa emergency ang humigit-kumulang na 230 bata. Ang mga ito ay walang alinlangang tunay na mga gawa ng pagmamahal."**

> "Ang pananampalataya, paglilingkod, at sakripisyo ay nakatutulong sa atin na mas hindi magtuon sa ating mga sarili kundi mas magtuon sa ating Tagapagligtas. Kapag mas mahabagin, matapat, at walang pag-iimbot ang ating paglilingkod at sakripisyo sa Kanya, mas mauunawaan natin ang walang hanggang nagbabayad-salang awa at biyaya ni Jesucristo para sa atin."
>
> —GERRIT W. GONG, KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL[17]



Mga estudyante sa Honduras na kumakain sa oras ng recess. Larawang kuha ni Oscar Levia/Silverlight for Catholic Relief Services.

# Europa

Ang mga kalamidad at hidwaan sa pulitika ay kabilang sa maraming hamon na kinaharap ng Europe noong 2024. Bilang tugon, pinondohan at nakipagtulungan ang Simbahan sa maraming proyektong pangkawanggawa sa rehiyon, na nakatuon sa tulong sa kalamidad, mahihinang populasyon, at seguridad sa pagkain.



Mga missionary sa Switzerland na tumutulong sa paglilinis pagkatapos ng matinding bagyo.

## Pagtugon sa Emergency

Ang Türkiye ay patuloy pa ring bumabangon mula sa isang malakas na lindol noong 2023. Nakipagtulungan ang Simbahan sa iba pang mga organisasyon para muling itayo ang mga lugar sa bansa, kabilang ang mga proyekto sa muling pagtatayo ng mga paaralan at pagpapatupad ng malinis na water system.

Ang labanan sa Ukraine ay humantong sa isang malaking krisis na nagresulta sa 55 mga proyektong pantao sa rehiyon noong 2024. Ang isang proyektong iyon ay pakikipagtulungan sa CARE, kung saan nakatulong ang pondo ng Simbahan sa pagbibigay ng hygiene kit sa mga tao, household NFI at winterization kit, at hybrid energy storage system sa Ukraine. Sa Russia, pinondohan ng Simbahan ang mga proyekto bilang tugon sa malalaking baha, nagsusuplay ng mahahalagang bagay sa mga taong nangangailangan.

## Pagtulong sa Mahihinang Populasyon

Ang mga donasyon ng Simbahan sa Project HOPE ay nagbigay ng pangangalaga sa kalusugan para sa mga indibiduwal na nawalan ng tirahan sa Moldova, kabilang ang kababaihan, matatanda, at mga taong may kapansanan.

Nagbigay din ang Simbahan ng mga food package at hygiene kit sa mga mahihinang populasyon sa buong Europe, kabilang ang mga nasa Greece, Norway, at Czech Republic.

## Seguridad sa Pagkain

Bilang tugon sa agarang pangangailangan sa pagkain sa Ukraine, nakatulong ang mga kontribusyon ng Simbahan sa World Food Programme sa pagbibigay ng sapat na pagkain para pakainin ang mga tao sa loob ng isang taon. Ipinagpatuloy din ng Simbahan ang kolaborasyon nito sa Muslim Aid upang matulungan ang mga indibiduwal sa Bosnia sa kanilang landas tungo sa pagiging self-reliant. Ang kolaborasyong ito ay nakapagbigay ng mga greenhouse, bahay-pukyutan, at buntis na baka, na nagbigay ng kakayahan para masuportahan ng mga indibiduwal ang kanilang sarili at mga pamilya.

## Baby Booties sa Türkiye

**Si Erika, isang Relief Society sister sa Germany, ay isang magandang halimbawa kung paano makapaglilingkod sa sinumang nangangailangan. Regular siyang gumagawa ng baby booties para sa pamilya at mga kaibigan at nagpasiyang gumawa ng mga 50 pares sa bakasyon sa Pasko para ibigay sa mga bagong pamilya na nangangailangan sa Türkiye.**

**Sa isang refugee camp sa Antakya, Türkiye, isang mag-asawa ang natuwa nang matanggap ang mga bootie, gayundin ang iba pa sa mga mobile hospital sa buong lugar. Lahat ng tumanggap ng maliit at simpleng donasyon na ito ay nagpasalamat sa kabaitan ni Erika at naramdaman niya ang pagmamahal ng Diyos bilang kapalit.**

### Ano ang Magagawa Ko?

- Magbigay ng pagkain at mga hygiene kit para sa mga taong nangangailangan.
- Maghanap sa JustServe.org para sa mga proyektong sumusuporta sa mga taong nangangailangan sa Europa.
- Magboluntaryo na tumulong sa inyong lokal na food bank.



Alamin ang Iba Pa

# Middle East

Noong 2024, tumulong ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw upang matugunan ang mga pangangailangan sa iba't ibang panig ng Middle East, kabilang ang suporta para sa mahahalagang proyekto na nakatuon sa pangangalaga sa kalusugan, seguridad sa pagkain, at pabahay sa mga lugar tulad ng Lebanon, Sudan, at Yemen. Bukod pa rito, nakipagtulungan ang Simbahan sa maraming international relief agency sa Gaza at Israel para magbigay ng medical at mental health support, gayundin ng pagkain, tubig, at mga hygiene item sa mga indibiduwal na nawalan ng tirahan.



Mga batang inaakma sa mga bagong espesyal na wheelchair sa Al Hussein Society.

## Pangangalaga sa Kalusugan

Noong unang bahagi ng 2024, ang Simbahan ay nagbigay ng mahigit isang libong wheelchair sa Al Hussein Society sa Jordan, kabilang ang 300 espesyal na pediatric wheelchair. Sa donasyong ito, sinanay din ng Al Hussein Society ang mga empleyado na turuan ang mga magulang kung paano gamitin at panatilihin ang kagamitan, na nagbibigay sa kanilang mga anak ng bagong kalayaan.

Sa Pakistan at Yemen, nakatulong ang mga kontribusyon ng Simbahan sa UNICEF at iba pang mga organisasyon na madagdagan ang mga pagbabakuna, lalo na para sa maternal at neonatal tetanus (MNT), na kumikitil ng libu-libong buhay bawat taon. Sa ibang lugar, pinondohan ng Simbahan ang muling pagbubukas ng isang klinika sa mata sa Beirut, na nagbibigay ng paningin sa mga nangangailangan.

Bukod pa rito, ang bagong Nursing and Midwifery Development Center sa Kurdistan ay opisyal na binuksan noong Enero 2024, salamat sa pinagsamang pagsisikap ng Simbahan, ng pamahalaang Kurdistan, at ng mithiin ng direktor ng center. Ang sentro ay magsasanay ng hanggang sa 7,000 nurse at komadrona taun-taon, na mas magpapahusay sa kanila na matulungan ang mga bagong panganak na mabuhay.

## Tulong para sa Mahihinang Populasyon

Libu-libo ang napilitang lisanin ang kanilang mga tahanan at maghanap ng kanlungan sa ibang lugar, na ang pinakaapektado ay ang mga kababaihan at mga bata sa Yemen, Syria, at Lebanon. Hangad ng Simbahan na maibsan ang pagdurusa ng mga nawalan ng tirahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng donasyon sa mga relief program at pagtulong sa mga inisyatibong nagbibigay ng kakayahan sa mga taong ito.

Halimbawa, ang Simbahan ay nagbigay ng 150 tupa sa Al Jahuth para magkaroon ng milk-sheep farm sa Jordan. Ang bukid na ito ay nagsasanay ng mga lokal sa paggawa ng produkto mula sa gatas at kikita para masuportahan ang mga taong nawalan ng tirahan sa mga resettlement camp. Ang Simbahan ay nakipagtulungan din sa Rahma WorldWide sa Lebanon, sa Coptic Orthodox Church sa Egypt, at iba pang mga organisasyon upang magbigay ng kagyat na suporta sa pagkain sa mga mahihinang populasyon.

## Pagsuporta sa Malusog at Ligtas na Pagbubuntis

**Sa Yemen, nag-alala si Arwein nang malaman niyang buntis siya. "Alam ko ang tungkol sa isang babae sa aming komunidad na namatayan ng unang anak sa panganganak . . . namatay ang kanilang anak dahil gumamit ang komadrona ng kontaminadong mga kagamitan sa pagpapaanak," sabi niya.**

**Bilang bahagi ng pagsisikap nitong pangalagaan ang kababaihan at mga bata, nakipagtulungan ang Simbahan sa UNICEF na magdala ng bakuna sa mga kababaihang tulad ni Arwein upang magkaroon sila ng ligtas at malusog na panganganak. Salamat na lang at nakatanggap siya ng bakuna sa tetanus mula sa kolaborasyong ito, at ang kanyang sanggol na anak ay ipinanganak na malusog at masaya.**

### Ano ang Magagawa Ko?

- Magboluntaryo sa isang resettlement center na tumutulong sa mga taong nawalan ng tirahan sa inyong komunidad.
- Alamin pa ang tungkol sa mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan ng inyong lugar at kung paano ka makatutulong.
- Kumuha ng self-reliance course at ibahagi ang iyong natutuhan sa iyong komunidad.



Ang mga young single adult sa Utah ay nagtipon ng mga food box bilang bahagi ng kaganapan ng ika-10 anibersaryo ng kolaborasyon ng Simbahan at World Food Program.

# North America

Sa iba't ibang dako ng Estados Unidos, Canada, at Mexico, lumahok ang Simbahan sa maraming gawaing pangkawanggawa para pangalagaan ang mga taong nangangailangan ng tirahan, seguridad sa pagkain, pangangalaga sa kalusugan, at marami pang iba.

## Mahihinang Populasyon

Dahil nabigyang-inspirasyon ng mga salita ng Panginoon, "Ako'y taga-ibang bayan, at ako'y inyong pinatuloy" (Mateo 25:35), sinisikap nating pangalagaan ang mga taong nakaranas ng pagkawala ng bahay at tahanan. Isinasaisip ito, nagbigay ang Simbahan ng mga produkto at pondo sa Haven for Hope, International Institute of St. Louis, Safe Harbor Crisis Center, at sa maraming iba pang mga organisasyon upang makatulong na makapagbigay ng marangal na tirahan para sa mga taong naghahanap ng kanlungan.

Sa ikalawang taunang Kumperensya ng Simbahan para sa mga young single adult sa Salt Lake City, ang mga dumalo ay nag-ambag sa ilang proyekto sa paglilingkod sa buong tatlong araw. Gumawa sila ng mga kumot para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan, nagbalot ng mga emotional care kit, tumulong sa mga lokal na proyekto sa serbisyo, at nagtipon ng mga pagkain upang matulungan ang mga batang nangangailangan.

Sa Florida, ang mga mapaminsalang bagyo ay nag-iwan ng maraming residente na nangangailangan ng mga kagamitan at paglilinis matapos ang kalamidad. Mahigit 21,000 miyembro ng Simbahan ang nagtipon upang magbigay ng tulong, na umabot sa halos 311,000 oras ng boluntaryo sa 10,300 tahanan sa timog-silangang U.S. Nagpadala rin ang Simbahan ng mga trak ng tubig, pagkain, hygiene kit, at iba pang mahahalagang suplay sa mga lugar na lubhang nangangailangan.

## Seguridad sa Pagkain

Iniutos ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod na pakainin ang Kanyang mga tupa, kapwa sa espirituwal at pisikal. Sa iba't ibang dako ng North America, sinikap ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na tulungan ang mahihinang populasyon na makakuha ng pagkain sa pamamagitan ng mga bishops' storehouse, mga donasyon sa food bank, at pakikipagtulungan sa mga organisasyon na nakatuon sa pagpapabuti ng seguridad sa pagkain, kabilang ang World Food Programme (WFP).

Noong 2024, ipinagdiwang ng Simbahan at WFP ang 10 taong magkatuwang na paglilingkod sa pamamagitan ng pagsasama ng dalawang organisasyon at daan-daang young adult sa Utah para magtipon ng mahigit 4,300 mga food box para sa mga food pantry sa estado.

Sa Canada, ang Simbahan ay nagbigay ng donasyon sa Daily Bread Food Bank, na tumutulong sa mga indibiduwal sa Toronto na makayanan ang pagtaas ng halaga ng pamumuhay. Sa buong North America, ang mga programang nakatuon sa self-reliance ay naghikayat din ng seguridad sa pagkain upang matiyak ang agaran at pangmatagalang pangangalaga para sa mga taong nangangailangan.

## Pangangalaga sa Kalusugan

Ang pangangalaga sa kalusugan ay hindi nakukuha ng lahat sa iba't ibang panig ng mundo, at ang kakulangan ng tamang kagamitan ay maaaring magkaroon ng pangmatagalan at permanenteng epekto sa buhay ng mga tao. Tulad ng paglalaan ng Tagapagligtas ng Kanyang buhay sa pagpapagaling ng maysakit, hangad din ng Simbahan na tugunan ang kakulangan sa medisina para mapabuti



Alamin ang Iba Pa

> “Ang dahilan kung bakit nananatili ang ating [kolaborasyon] ay dahil marami tayong magkaparehong pinahahalagahan—pagiging makatao, isang tungkuling maglingkod, pagbubuo ng pagtitiwala.”
>
> —CLIFF HOLTZ, PRESIDENTE AT CEO NG AMERICAN RED CROSS[18]

ang kalidad ng buhay ng mga tao, kapwa sa temporal at espirituwal.

Sa timog Mexico, ang mga pagsisikap ay nakatuon sa pagbibigay ng pangangalaga sa kalusugan sa mga komunidad at indibiduwal na nangangailangan. Isang espesyal na diabetes telemedicine program ang pinasimulan upang tulungan ang mga pasyente sa kanayunan ng Veracruz na makatanggap ng kinakailangang pangangalaga, at ang Simbahan ay nakipagtulungan sa Mexican Red Cross upang i-update ang imaging equipment nito upang mas mahusay na mapaglingkuran ng organisasyon ang mga tao na hindi nakatatangap ng suportang medikal.

Bukod pa rito, ang mga kontribusyon ng Simbahan ay nakatulong sa Catholic Relief Services at Adventist Development and Relief Agency Mexico sa pagbibigay ng tirahan, at pagsusuring medikal sa mga taong mahihina na dumadayo sa bansa. Ang mga kababaihan at mga bata ang pinakananganganib sa mga populasyong ito habang naghahanap sila ng kanlungan, at ang suporta sa pangangalaga sa kalusugan ay tutulong sa pagpigil sa malnutrisyon at iba pang mga maiiwasang karamdaman.

## Ano ang Magagawa Ko?

- Maghanap ng isang lokal na food pantry at magboluntaryo ng oras o mga kalakal.
- Gumawa ng plano para sa kahandaan sa emergency para sa inyong tahanan at kapitbahayan.
- Isipin ang mga paraan na makakasama at masusuportahan ninyo ang mga taong nawalan ng tirahan sa inyong lugar.



Ang mga kabataan sa Ohio ay nakikibahagi sa isang proyekto sa paglilingkod sa komunidad.

## Paghahanap ng Pag-asa Matapos ang Kapinsalaan

**Nawalan sina Hugh at Martha*, isang mag-asawa sa Texas, ng ikatlong bahagi ng kanilang bakahan sa pinakamalaking wildfire sa kasaysayan ng Texas. Dahil sa sunog, natupok din ang pinagpapastulan ng kanilang mga baka, kaya halos wala nang makakain ang mga ito.**

**Bilang tugon sa mga sunog, nagpadala ang bishops’ central storehouse ng Simbahan ng mga tungkos ng dayami sa mga magsasaka sa lugar, kabilang sina Hugh at Martha. Sa halip na ibenta ang naiwan sa kanila para matustusan ang pangangailangan ng kanilang pamilya sa panahong ito ng kahirapan, maaari nilang pakainin ang kanilang mga baka at ipagpatuloy ang pagpapatakbo ng kanilang rantso.**

**Pinalitan ang mga pangalan*

# Salamat sa Iyo

Nais naming pasalamatan ang lahat—mga miyembro at kaibigan ng Simbahan—sa pakikibahagi sa aming mga pagsisikap na pangalagaan ang lahat ng anak ng Diyos sa buong mundo. Ang iyong mga donasyong oras, pera, at talento ay napapansin at gumagawa ng napakalaking kaibhan at lubos na pinahahalagahan.

Nagpapasalamat din kami para sa ating pakikipagtulungan sa iba pang mga nonprofit organization upang mapalawak ang pagtulong natin sa kapwa. Inaasahan namin ang pagpapatuloy ng mga kolaborasyon sa mga darating na taon at nasasabik na makita kung ano ang gagawin namin nang magkasama sa hinaharap.

Dinidinig ng Diyos ang iyong mga panalangin at nakikita Niya ang iyong mga pagsisikap na pangalagaan ang mga taong nangangailangan. Umaasa kami na ang iyong paglilingkod ay nagpala sa iyong buhay ng kapayapaan, pag-asa, at pagmamahal, at inaanyayahan ka namin na patuloy na magpakita ng pagmamahal sa Diyos at sa isa't isa.



**Alamin pa ang tungkol sa tapat na pangako ng Simbahan na mangalaga sa Caring.ChurchofJesusChrist.org**

JUSTSERVE

**I-scan ang code para i-download ang JustServe app at magsimula sa isang lokal na proyekto sa paglilingkod sa inyong lugar.**

## Bisitahin Kami Online upang Malaman ang Higit Pa

- ChurchofJesusChrist.org
- Caring.ChurchofJesusChrist.org
- JustServe.org
- DeseretIndustries.org
- AddictionRecovery.ChurchofJesusChrist.org

## Karagdagang Resources

**Instagram**

- @Caring.ChurchofJesusChrist
- @Deseret_Industries
- @JustServe

**Facebook**

- @Caring.ChurchofJesusChrist
- @DeseretIndustriesThrift
- @JustServe.org

# Mga Reperensya


1. "Pagtulong sa mga Maralita at Naghihirap," *Liahona*, Nob. 2022, 6.
2. Sarah Bouchie, sa "Relief Society Leads Global Effort to Improve Health and Well-being of Women and Children," Newsroom, Hunyo 12, 2024, https://newsroom.churchofjesuschrist.org/article/relief-society-global-effort-health-well-being-women-children.
3. Instagram, Hunyo 1, 2024, https://www.instagram.com/p/C7rkEN9Mdn6/?img_index=1.
4. "Anong Laki ng Inyong Kagalakan," *Liahona*, Nob. 2023, 58.
5. Gérald Caussé, sa "Why Is Utah Thriving? Look to Latter-day Saint Pioneer Values, Presiding Bishop Says," Newsroom, Mayo 22, 2024, https://newsroom.churchofjesuschrist.org/article/latter-day-saint-pioneer-values-utah-presiding-bishop.
6. "Higit Pa sa Isang Bayani," *Liahona*, Nob. 2023, 89.
7. Dallin H. Oaks, "Pagtulong sa mga Maralita at Naghihirap," *Liahona*, Nob. 2022, 6.
8. Gérald Caussé, sa "Bishop Caussé shares 4 pioneer values that contribute to success in worldwide stewardship," The Church News, Mayo 22, 2024, https://www.thechurchnews.com/leaders/2024/05/22/bishop-gerald-causse-shares-4-pioneer-values-in-worldwide-stewardship/.
9. L. Todd Budge, sa "'There's No Greater Blessing Than to Be an Instrument in God's Hand,' Bishop Budge Tells Missionaries," Newsroom, Nob. 29, 2023, https://newsroom.churchofjesuschrist.org/article/-there-s-no-greater-blessing-than-to-be-an-instrument-in-god-s-hand-bishop-budge-tells-provo-mtc-missionaries.
10. Patrick Kearon, sa "Latter-day Saints and Environment," Newsroom, Nob. 6, 2023, https://news-middleeast.churchofjesuschrist.org/article/kearon-latter-day-saints-and-environment.
11. Camille N. Johnson, sa "The Church's efforts to emprove nutrition for women and children, one by one," *Church News*, Mar. 16, 2024, https://www.thechurchnews.com/living-faith/2024/03/16/global-nutrition-efforts-women-and-children-well-being-relief-society/.
12. Barron Segar, sa "Building self-reliance and feeding the hungry in Liberia," *Church News*, Ene. 25, 2024, https://www.thechurchnews.com/global/2024/1/25/24048234/church-building-self-reliance-feeding-the-hungry-in-liberia/.
13. J. Anette Dennis, sa "Sister J. Anette Dennis: Trust That the Lord 'Will Meet You Were You Are,'" Newsroom, Hunyo 22, 2022, https://newsroom.churchofjesuschrist.org/article/sister-j-anette-dennis-trust-that-the-lord-will-meet-you-were-you-are.
14. Solomon Akpanufot, sa "Church of Jesus Christ Celebrates 'World Water Day' With Donation to Mboshi Aji Community in Nigeria," Newsroom, Mar. 31, 2024, https://news-africa.churchofjesuschrist.org/article/church-of-jesus-christ-celebrates--lsquo-world-water-day-rsquo--with-donation-to-mboshi-aji-community-in-nigeria.
15. HE Nhek Ban Kheng, sa " Church collaborates on new hospital in Cambodia and renovations to 3 more," *Church News*, Mar. 16, 2024, https://www.thechurchnews.com/living-faith/2024/03/16/cambodia-health-improvement-effort-church-collaborates-new-hospital-renovations.
16. Kristin M. Yee, sa "Relief Society General Presidency: How Jesus Christ Offers Spiritual and Temporal Relief," Newsroom, Hulyo 5, 2023, https://newsroom.churchofjesuschrist.org/article/relief-society-general-presidency-how-jesus-christ-offers-spiritual-temporal-relief?lang=eng.
17. "Dito ay May Pag-ibig," *Liahona*, Nob. 2023, 111.
18. Cliff Holtz, sa "The Church of Jesus Christ Contributes US$7.35 Million to the American Red Cross," Newsroom, Mar. 21, 2024, https://newsroom.churchofjesuschrist.org/article/church-jesus-christ-american-red-cross-2024-donation.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2025 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyion: 10/24. Pagsasalin ng *Caring for Those in Need*. Tagalog. PD80042155 893. Inilimbag sa Pilipinas